


# MGA TANONG AT MGA SAGOT

## MGA HEBREO BAHAGI II

 Nais kong pasalamatang ang bawat isa sa inyo na nakatanggap nung mensahe na “ipanalangin ang aking maybahay.” Siya po’y masama, na masama ang pakiramdam. Hindi namin alam kung ano ’yun, at di namin alam kung napaano, hayan po’t nagsusuka nang nagsusuka at halos walang malay, at may lagnat na mga nasa sandaan at lima, kinailangan niyang matapalan ng mga bimpo ng yelo. Tapos . . . pero maayos na ang kalagayan niya ngayon. Wala na ’yung lagnat, at ayos na siya. Pero nanghihina pa siya nang husto, mga sampung libra ang nabawas sa timbang niya, sa palagay ko. Hindi pa siya . . . Ngayong gabi lang siya nakakalunok-lunok ng pagkain nang maayos simula nung Linggo. At hayan po na masama ang pakiramdam niya, at nagtitiwala kami na kikilos ang Panginoon para sa kanya, at pinagaling na siya ng Panginoon. Ngayon nais po naming hilingin sa inyo na magpatuloy lang sa pananalangin para mabawi niya uli ang kalakasan niya.

<sup>304</sup> At ngayon, sa parating na katapusan ng sanlinggo, loobin ng Panginoon, kinakailangan ko pong magpunta ng Miami. Ang matagal ko nang kaibigan, na si Kapatid na Bosworth, ay pauwi na sa Tahanan, at halos sandaang taong gulang na siya ngayon. At tinawagan niya ako, sabi niya, “Kapatid na Branham, pumunta ka rito at makipagkita ka sa akin kaagad, may gusto akong sabihin sa iyo bago ako yumao.” At siya . . . Buweno, sa palagay ko gusto niya akong ipanalangin, at ipatong ang kanyang mga kamay sa akin bago siya yumao, alam n’yo.

<sup>305</sup> At ako’y—ako’y umaasa na magawa ko rin na sa pagtatapos ng mga araw ko rito magkaroon ako ng reputasyon na gaya ng kay F.F. Bosworth. Sa lahat po ng mga kalalakihan na kakilala ko rito sa mundo, sa bawat kalalakihan na nakatagpo ko kailanman dito sa lupa, wala pa akong nakikilala na lalaki na talagang may paghahangad ako na maging katulad, gaya ni F.F. Bosworth; bilang—bilang isang ministro, ’yan po ang ibig kong sabihin. Wala pa akong naririnig na sinuman, sa buong mundo, saang dako man, na anupa’t ang laging isang pahayag patungkol kay F.F. Bosworth ay isa talaga siyang ganap na “Cristiano,” at ganap na “isang tunay na kapatid.”

<sup>306</sup> “Dahil sa kanilang paglisan sa atin ay iniwan ang kanilang pinagbakasan sa panahong buhanginan.” Isa po siyang kahanga-hangang kapatid, at matanda na po siya ngayon, halos sandaan na. Kaya siya po’y—siya po’y pauwi na sa Tahanan, siyanga, at

binanggit niya 'yun sa akin. Alam niya na payao na siya, at naghihintay na lang. Sinabi niya na ito ang pinaka kalugud-lugod na panahon sa buhay niya ito ngang oras na ito na siya'y naghihintay, anupa't alam niya na payao na siya.

<sup>307</sup> Sabi ko, "Pupunta po sana ako ng Michigan ngayong sanlinggo, Kapatid na Bosworth."

<sup>308</sup> At kaya ang sabi niya, "Buweno, huwag ka na masyadong magpakatagal, Kapatid na Branham, hindi na ako makakapanatili pa nang matagal. Ako'y pahina na nang pahina."

<sup>309</sup> Siya'y talagang kaibigan na kaibigan ko, na hindi maaari na di ko siya pupuntahan. Ngayon, kung kakailanganin kong sumakay ng eroplano, ako po'y—ako po'y lilipad pabalik at marahil makakabalik para sa siguro'y isang Linggo ng gabi; kung hindi po, buweno, magmamaneho ako, at siguro'y mas matagal-tagal 'yun.

<sup>310</sup> At ipanalangin n'yo po si Kapatid na Bosworth. Manalangin kayo sa Diyos na . . . at kapag sinundo na Niya itong matandang patriyarka, haya't magpapadala Siya ng isang karwaheng apoy para sunduin siya, kita n'yo. Mahal na mahal ko siya, siya po'y naging parang tatay-tatayan ko.

<sup>311</sup> Isa pa pong matandang lalaki . . . siya at si Kapatid na Seward. Ako—ako po'y medyo kumikiling sa matatanda, mahal ko—mahal ko sila. At si matandang Kapatid na Seward, siya rin po'y natulog nang gaya rin, nun. Siyanga't, si Kapatid na Seward ay di po ganoong katanda, sa palagay ko, gaya ni Kapatid na Bosworth.

<sup>312</sup> At ipanalangin n'yo po si Kapatid na Bosworth. Sadya ngang hindi panay rosas ang dakong ito, mangyari po na—na . . . Kailangan niya ng inyong pananalangin, hayan po na hindi po kalabisan bagkus para lang sa kanya . . . na itulot ng Diyos na siya'y yumao nang matiwasay.

<sup>313</sup> Ngayon . . . At mangyari po na gusto nating alalahanin, din, na bukas, loobin ng Panginoon, ililibing po natin ang isa sa mga kaibigan natin mula sa iglesyang ito, si Kapatid na Sol Coates. Mga ilang beses na siyang nakadalo rito, siya po'y nagtrabaho noon sa opisina ng koreo nang maraming taon. At namatay po siya sa Veterans Hospital nung isang gabi. Si Kapatid na Cox at ako po'y nakadalaw pa sa kanya, at siya po'y . . . nanghihina na noon. At siya po'y yumao na ngayon, isa po siyang Cristiano. At ililibing po natin siya mula sa Coots' Funeral Home bukas ng hapon nang ala una, kami po ni Kapatid na Neville at ako. Ang Neville trio po ay aawit; at paghahatian namin ang gawain, si Kapatid na Neville at ako. Hayan po, na di pa namin alam kung ano 'yung mga inihanda sa itinakdang oras, at dahil na rin po sa kalagayan ni Meda ngayon. At kaya, heto po, ang paglilibing po ay bukas ng hapon nang ala una, sa Coots' Funeral Home.

314 At pagkatapos, sa alas dos, nang Biyernes, isang G. Wheeler. Ang tawag po namin sa kanya noo'y Pod Wheeler; siya po'y, wala po sa isip ko nung mga sandaling 'yun. . . At, alam n'yo, nakita ko—nakita ko sa diyaryo at di ko nga napansin agad ito, hanggang sa mabalitaan ko. Siya po'y kapitbahay namin nang maraming taon, at—at siya po'y yumao na. Siya po'y nandito lang sa harap ng simbahan, nung isang gabi, at sinusubukan ko siyang yayain sa simbahan. Nung isang gabi po 'yan, mga tatlong linggo na ang nakaraan, nakatayo siya riyan, at sinusubukan ko siyang mahimok na magsimba. Dahil, sa palagay ko hindi siya nagsisimba o may anuman siyang pag-anib na kung ano, pero may anak siyang lalaki na isang mangangaral na Baptist. Pero wala nga siyang pag-aanib sa abot ng nalalaman ko, at ngayon siya'y yumao na para katagpuin ang Diyos. Kaya sa Biyernes na po 'yan ng hapon nang alas dos sa Coots' Funeral Home. At hayang din, na sina Kapatid na Neville at sila'y aawit, at diyan po 'yan sa libing.

315 At kaya, kung mayroon po sa inyo na nagnanais na dumalo sa mga gawain, bukas na po 'yan nang alas dos, o bukas nang ala una. Sa tingin ko tama po. Tama po ba, kapatid? At 'yung alas dos, dun naman 'yun sa isa. Tama po ba? Alas dos, sa Coots' Funeral Home.

316 At ngayon, Linggo ng umaga. . . Sabado po 'yung pagsasahimpapawid. At siguro'y iaanunsyo sa inyo ni Kapatid na Neville, sa araw na 'yun, kung ano. . . kung tayo'y makapagdadaos ba ng isang gawain ng pagpapagaling nang Linggo ng gabi, o kung ano pong oras kami makakabalik kung ako po'y sasakay ng eroplano papuntang—papuntang Florida para makipagkita kay Kapatid na Bosworth. Hindi ko nga po alam kung papaano magpapaalam sa kanya, siya po'y kalugod-lugod na matagal ko nang kaibigan. At marahil 'yun na ang huling pagkakataon na magkikita kami, kung, pahintulutan ng Panginoon, dito sa lupa. At siya. . . Di ko po alam kung makakaya kong magpaalam sa kanya agad-agad o hindi; at kung sa akin lang ay ayaw kong magpaalam sa kanya, pero, alam n'yo naman ito, may mga bagay-bagay ka rin na dapat asikasuhin.

317 Ngayon may isa pong pahayag na gusto kong sabihin dito habang hindi pa tayo ganoon karami, at ang mga narito'y mga kaibigan ko.

318 Ikinagagalak ko na makita si Kapatid na babaing Smith diyan. Unang beses po na makita ko siya uli sa hinaba-haba ng panahon. Kumusta ka na po Kapatid na babaing Smith? Isang taon, naku, sa pagkakaalala ko 'yung huling beses na nakita kita. . . [Nagsasalita si Kapatid na babaing Smith—Pat.] Sa Benton Harbor, sana makapunta ako roon kung kailan. Mainam po. Sa pagkakaalala ko ang huling beses na nakita ko po kayo, ay dun sa gawain ng paglilibing sa Louisville. At tandang-

tanda ko po si Kapatid na babaing Smith. Hayan po na . . . Lagi ko po siyang sinusundo sa isang truck kapag papunta kami ng simbahan. May mga itim-itim pa ng uling doon sa likod at 'yung suklob sa ibabaw ng mga gulong ay tumataas-baba, at malamig pa; at ako nga, 'yung isa kong paa'y nakausli pa sa labas. Oh, grabe! Marami-raming tubig na ang umagos sa ilog mula nung panahon na 'yun noon, Kapatid na babaing Smith. Siyanga, po. Buweno, pinasasalamat natin ang Panginoon para sa katangitanging mga alaala na 'yan, at patuloy na iniibig natin ang Panginoon.

<sup>319</sup> Isa pa po, baka po may nagtataka, nung isang gabi . . . Kausap ko si Kapatid na Fleeman diyan sa kalsada. At kung minsan may nagsasabi, “Kapag natatapos ang gawain, ano pong dahilan at nagmamadali't umaalis agad si Kapatid na Branham?”

<sup>320</sup> Ito po ang dahilan, ang maybahay ko po kasi'y naiwan mag-isa. Kita n'yo? At kung makikipag-kumustahan pa po ako, aabutin ako ng kalahating gabi sa pangungumusta, at hayun po ang maybahay ko, naghihintay siya roon na mag-isa nang matagal. At 'yan po ang dahilan kung bakit nagmamadali ako, para ako po'y makabalik sa kanya agad, kita n'yo, sa gabi; dahil kapag nag-umpisa na ako mangumusta, kadalasan n'yan matagal ako mangumusta. Makikipag-kumustahan ako sa isa *rito* nang kalahating oras. Hindi naman ako puwedeng mabilisan na makikipag-kumustahan at sasabihin, “Kumusta po *kayo* ngayong gabi? Kumusta po *kayo*? Kumusta po *kayo*?” Hindi po ako ganoon mangumusta. Ako po'y humihinto talaga at nakikipag-usap pa; at kung 'yung kausap ko ay may ikukuwento na kung anong bagay, hayan nga na mahihimpil ako nang isang oras. Kita n'yo? At 'yan po ang dahilan, ang maybahay ko po ay naroon at naghihintay at parang ganoon. At 'yan po ang dahilan. Ayaw ko naman po na isipin n'yo na ang dahilan ay di ko gustong makipag-kumustahan sa aking mga kaibigan at kamayan sila, at ipakita ang aming pakikipagbuklod at kung ano pa, pero ganoon po kasi ang lagay ngayon.

<sup>321</sup> Kaya, ngayon, ang bawat isa po'y manalangin para sa mga maysakit at sa mga nagdadalamhati.

<sup>322</sup> At si Gng. Harvey po'y nandun sa ganoong masamang kalagayan, umaayos na ang lagay niya. Siyanga, po. At di ko po nakikita . . . Ako . . . Ngayon marahil mayroon po rito, sa abot ng nalalaman ko, mayroon po rito, na isang doktor dito. At kung mali po ako rito sa ibabaw ng entablado, patawarin ako ng Diyos. Pero naniniwala ako na pananagutin ng Diyos ang mga doktor na responsable sa bagay na ginawa nila sa babaing ito. Ako po'y—ako po'y naniniwala sa pago-opera, ako po'y naniniwala sa mga gamot. Tunay, naniniwala ako. Naniniwala ako na pinadala 'yan ng Diyos dito para makatulong sa atin, gaya ng kung papaanong nagpadala ang Diyos ng mga mekaniko para

sa mga sasakyan natin at iba pa. Pero ang munting babae na 'yun, pinahiga na lang siya ng doktor, at ang sabi, "Siya'y tadtad na ng kanser, wala nang magagawa pa." Nanay pa naman siya na maraming anak.

<sup>323</sup> Binisita ko siya, at ipinaliwanag ko sa kanya kung papaanong sa pamamagitan ng pananalangin. . . . At—at siya po'y bata-bata pang babae, mga beinte-singko pa lang. At mangyari nga na pinagaling ng Diyos ang kanyang munting sanggol na anak, ang tawag nga nila sa sanggol "milagrang sanggol" doon sa ospital ng mga bata ngayon, dahil gumaling sa meningitis. At sa kabila ng kalunus-lunos na kalagayan na 'yun ng—ng munting sanggol, hayon nga na pinagaling agad-agad ng Panginoon. Tapos, ang mga doktor, di nila malaman kung papaano ba 'yun nangyari. Pinuntahan ko si Gng. Harvey, at sabi ko, "Ngayon, Gng. Harvey, sinukuan ka na ba ng mga doktor?"

<sup>324</sup> "Ganoon na nga, po. Saka . . ."

<sup>325</sup> Tapos sabi ng asawa niyang lalaki, "Ganoon na nga po, wala na raw pong magagawa pa, siya po'y ganap na tadtad ng kanser."

<sup>326</sup> Sabi ko, "Buweno, ngayon ang nais nating gawin, ay ang manampalataya sa Diyos, na pagagalingin—pagagalingin ng Diyos ang. . . pagagalingin ka." Tapos sabi ko, "Ang mangyayari po, ang kanser ay marahil di agad mawawala; pero kung mananalangin tayo, hayon nga na 'yung buhay ng kanser ay aalis. Marahil may mararamdaman ka pa ring sakit nang kaunting panahon, at—at" sabi ko "siguro'y makakaramdam ka ng kaunting ginhawa agad-agad." Tapos sabi ko, "Tapos mga ilang araw marahil makakaramdam ka ng mas masamang pakiramdam." Pero sabi ko, "Kinakailangan mong ilagak ang pananampalataya mo laban sa kanser na 'yan." Sabi ko, "Kung mabubuhay kasi ang kanser, mamamatay ka. Kung mamamatay ang kanser, mabubuhay ka." Tapos sabi ko, "Ngayon sige't manalangin tayo."

<sup>327</sup> At nanalangin kami, at sa bawat katibayan na nakita ko, hinipo ng Diyos ang katawan nung babae. At agad-agad siyang gumaling, nagpunta pa nga siya't nakipagkita sa nanay ko, bumisita siya sa mga kapitbahay, (gayong noon lang ay kalunus-lunos ang kalagayan niya) aba'y wala nang sakit ngayon. At pagkatapos nung mga tatlong araw haya't sumama uli ang lagay niya.

<sup>328</sup> At mangyari na nalaman ko na ang sabi ng siyudad sila raw ang "magbabayad sa bayarin sa doktor, kung ooperahan ito ng mga doktor."

<sup>329</sup> At ngayon kung mali po ako, patawarin ako ng Diyos. Pero hayon nga't kinuha nila ang kabataang nanay na ito, ginawa siyang "guinea pig" mistula nga. Dinala nila siya roon, at binusbos pati 'yung bituka niya mula sa tiyan niya, at lahat. Binusbos kapwa mula sa labasan ng ihi at mula sa labasan ng

dumi, at tinusok ang mga 'yun nang magkabila. At nakahiga siya roon sa mesa ng pag-ooopera nang siyam na oras at kung ano. Ang sabi nung nars, "Parang kinatay, hayan nga't binusbos nila 'yung laman-loob niya kung saan-saan, at naglagay dun ng mga plastik na obaryo't mga plastik na tubo." Simpleng-simple, pero totoo po. At mga plastik na bituka at kung anu-ano pang gaya nun, at hinayaan ang babae na maratay dun nang ganoon ang kalagayan, isa pong munting nanay. Sabi ko, sa isip-isip ko, ang mga doktor na 'yun ay may sala na agad ng pagpatay.

<sup>330</sup> Sabi ng babae sa kanila, sabi ng babae, "Ipinanalangin na po ako ni Kapatid na Branham." Tapos sabi, "Sasampalataya kami na ang aming kanser . . . na 'yung kanser ay patay na."

<sup>331</sup> Sabi, "May balita ako sa iyo, 'Ang kanser mo ay buhay pa.'"

<sup>332</sup> Papaano niya nasabi 'yun? Nasa loob 'yun, ni wala ngang X ray na makapagsasabi nun. Ang kanser po ay . . . Hindi n'yo matutukoy ang kanser sa pamamagitan ng X ray, 'yung laman lang marahil, pero di n'yo 'yun makikita mismo. Isang bagay lang ang puwedeng gawin, operahan ang babae't tila hihiwain siya. Ganoon lang. Ngayon kung di lang sana siya isang munting nanay, hinayaan na lang sana na subukin niya ang pananampalataya niya sa Diyos sa halip na magmimistulang "guinea pig" sa kung sino. Ngayon kung ako—kung ako po'y mali, kung ako—kung ako po'y mali ang motibo, ninanais ko na patawarin ako ng Diyos, kita n'yo. Dahil ayaw ko sanang isipin n'yo na di ako naniniwala sa mga pag-ooopera o hindi ako naniniwala sa mga doktor at sa ganoong mga bagay. Yun po'y mainam. Pero sa palagay ko dapat sana'y alam na alam n'yo ang ginagawa n'yo bago n'yo bubusbusin ang isang tao, hindi 'yung pagi-eksperimentuhan nang gaya nun. Siyanga. At ngayon, hayan nga, di na siya mabubuhay. Ganoon nga. Kung mabubuhay pa siya, 'yun nga'y tunay na isa sa pinaka dakilang himala na mangyayari. Nung tingnan nung babae at makita niya ang kanyang lamang-loob na nandun sa isang tabi, at 'yung mga bato niya'y nandun sa isang tabi, hinimatay nga siya nang *paganito*, hinimatay . . . Naku, 'yung kaawa-awa . . . 'yun kaawa-awang babae'y wasak na. At siguro'y nasa beinte-dos o beintesingko anyos na nanay na may tatlo o apat na maliliit pang anak na palalakihin. Grabeng kaawa-awang bagay na narinig ko sa buong buhay ko. Sabi ko, "Sa tingin ko rito, may sala ang doktor ng . . ." Kung ginamit lang nung doktor ang babae para pag-eksperimentuhan dahil sinabi lang ng siyudad na sila ang magbabayad para rito, kung ganoon mali po talaga, dapat ipagbawal 'yun.

<sup>333</sup> [Isang lalaki ang nagtatanong kung posible na mapanauli ng Diyos ang babae—Pat.] Buweno, sasabihin ko sa iyo, kapatid, hindi 'yun imposible. At hindi 'yun—hindi 'yun . . . Yun—yun nga'y posible, at maaari. Dahil may kakilala akong lalaki na 'yung braso niya'y putol na, sa California po ito (lahat kayo'y

nasubaybayan n'yo ito mismo sa mga pahayagan), ipinanalangin ang lalaki, at 'yung braso nga'y putol hanggang *dito*, pero tumubo't nanumbalik hanggang dun sa pinaka daliri mismo; lahat po pati 'yung siko, 'yung pulso, 'yung kamay, at maging 'yung bahagi nung buko-buko sa likod nung mga daliri, kita n'yo. Nalalathala po 'yun, sa palagay ko, sa *Herald of Faith* buwan-buwan. Hayan pa nga't pinakita niya mismo ang kanyang mga kamay nang *paganito*, ipinakita niya kung saan dati 'yung putol ng braso niya, kung saan 'yun tumubo. Buwan-buwan nga'y binabalita 'yung estado nun, nang isang taon siguro.

<sup>334</sup> [Nagsasalita muli ang kapatid na lalaki—Pat.] Tunay, ganoon nga. Naniniwala ako. . . Yun—'yun—'yun po'y madalang, kita n'yo, napakadalang po nun. Pero paminsan-minsan may nababalitaan akong ganoon. Ngayon, si Kapatid na Bosworth po, may ipinanalangin siyang babae isang gabi. At may ganoon na rin ako sa isa sa aking pagtitipon. Pero 'yung kay Kapatid na Bosworth po ay agad-agad; 'yung sa akin po'y medyo matagal-tagal bago nagkaroon ng epekto.

<sup>335</sup> Ipinanalangin niya 'yung babae. . . Ngayon, nabasa ko po 'yung patotoo nung babae. May kanser ang babae, wala na 'yung ilong; nakain na 'yung ilong niya. At nung sumunod na umaga'y may ilong na 'yung babae. Ngayon, alam ko po ito. . . Ngayon, nandun 'yun sa libro ni Kapatid na Bosworth, dun sa libro niya na *Christ The Healer*, sa pagkakaalala ko, o, *The Joy Bringer*, doon po yata. Ngayon, nandun po 'yun sa patotoo nung babae, nakalagay dun 'yung pangalan nung babae at kung saan siya nakatira. At may mga kapitbahay siyang mga doktor at lahat na makapagpapatunay dun, na nangyari talaga 'yun.

<sup>336</sup> Ngayon, sa Little Rock, Arkansas po, isang gabi sa isang silid, ako po'y nananalangin doon. . . hindi po pala sa Little Rock, sa Jonesboro po pala. Na nanalangin ako. . . sabi ko, "Dito lang ako hanggang sa maipanalangin ko ang huling tao." Walong araw at gabi ako sa entablado, kita n'yo. At pagkatapos. . . at doon sa silid may lumapit na babae roon, 'yung kanyang panyo'y nakatakip nang *paganito*, at akala ko umiiyak siya. Tapos sabi ko. . . Oh, sa palagay ko mga alas dos o alas tres 'yun noon ng umaga, sabi ko, "Huwag kang umiyak, kapatid na babae, ang Diyos ay Tagapagpagaling."

<sup>337</sup> Sabi niya, "Hindi po ako umiiyak, Kapatid na Branham." Inalis niya 'yung pagkakatakip; wala pala siyang ilong, kita n'yo. Nasabi na nung mga doktor. . . Nakain na raw 'yun nung kanser at umabot na mismo sa puting buto niya roon. . . nakikita na. At ipinanalangin ko siya, at hiniling sa Panginoon na pagalingin siya.

<sup>338</sup> At nang mga apat o limang linggo mula noon, ako po'y nasa Texarkana. At may ginoong nakaupo roon na mainam na

mainam ang pananamit, sabi niya, “Puwede ba kitang makausap nang kaunti, Kapatid na Branham?”

339 Nung pagkasampa nga niya sa may entablado, isa sa mga usher ang sinusubukan siyang patahimikin. Sabi ko, “Buweno, sige’t tingnan natin.”

340 Sabi niya, “Nakikilala mo ba ang kabataang babae na ito?”

341 Sabi ko, “Hindi, hindi po.”

342 Sabi niya, “Kung titingnan mo ang litratong ito makikilala mo.” At siya po’y isang eksterminador ng mga peste sa—sa Texarkana, at ang nanay niya pala ’yun na bagong tubo ang ilong, ’yung ilong niya’y kahugis mismo ng iba pa.

343 Ngayon ipinapakita lang n’yan na ang Diyos. . . Nasaksihan ko na mismo ito na napangyari. Ngayon, magagawa ’yun ng Diyos para kay munting Gng. Harvey. At ipinapanalangin ko na gawin Niya, dahil gustung-gusto nung kaawa-awang babae na mabuhay pa.

344 Kapatid na Tony, mayroon ka bang sasabihin?

[May ipinamamalitang pagpapagaling si Kapatid na Tony—Pat.] Siyanga.

Amen. Amen. Siyanga, napakainam din, n’yan. Oo, tunay na gagawin Niya, Siya’y isang Tagapagpagaling.

[May isa pang lalaki na nagbibigay komento—Pat.] Opo. Opo. Opo, kapatid. Amen. Tunay. Siyanga.

345 Naniniwala ako. . . Buweno, umaasa ako na ipanauli sa iyo ’yan ng Diyos, iho, puwede mong iuwi ’yan at ipakita sa kanya. Ganon mismo. Ito po’y patotoo para sa kaluwalhatian ng Diyos, manalangin ka lang na gawin ito ng Diyos. Oh, Siya—Siya. . . Yamang Siya’y Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat, kaya magagawa Niya ang lahat ng mga bagay. Kung hindi Niya kayang gawin, ang lahat ng mga bagay, hindi Siya Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat.

346 May bagay nga na lumikha sa kung ano tayo, sa kung papaano nga tayo, o kung hindi’y mayroon sana tayong isang—isang ulo na gaya sa ibon, o kung anong gaya nun, kung walang Dalubhasang Kaisipan sa likod natin na lilikhain tayo na may katangi-tanging itsura, na lilikha ng puno ng roble, o puno ng alamo, o puno ng palmera, at—at may pagkakaiba-iba sa isa’t isa kung ano—ano sila. Na hindi tayo lilikhain na. . . ang ilang nilikha binigyan ng balahibo, ang ilan ay binigyan ng plumaje, ang ilan ay binigyan ng balat, para kayo. . . Kita n’yo, isa itong—isang itong Dalubhasang Kaisipan sa likod nito, na—na may kapamahalaan dun. Dahil Kanya ngang hawak-hawak ang lahat na mga bagay sa Kanyang mga kamay. At alam ko na magagawa Niya ang lahat na mga bagay. At ipapanalangin natin ito, mananalangin tayo.



347 [Isa pang kapatid na lalaki ang nakikipag-usap kay Kapatid na Branham—Pat.] Tama po. Mayroon tayong. . .

348 [Sinasabi ni Kapatid na babaing Snyder, “Kapatid na Billy, pasensya na po.”—Pat.] Sige po, ginang, ayos lang, sige po. [Ipinamamalita ni Kapatid na babaing Snyder na siya’y gumaling na noong ipanalangin siya ni Kapatid na Branham noong nagdaang Linggo.] Amen. Alam mo, iniisip ko nga, Kapatid na babaing Snyder, isang beses noong nakatayo ako rito na may pahid na ’yun, naisip ko. . . Nabanggit ko kay Kapatid na Cox, sabi ko, “Hindi ko na susubukan pa ’yung pagtitipon na ’yun ng mga espirituwal na pagkilala rito sa tabernakulo.” Oh, kung alam mo lang kung papaano niya ako nililigalig, kapatid na babae. Ganoon nga—ganoon nga ’yung ginagawa niya! Alam mo, kung anu-ano ang mga sinasabi-sabi niya sa akin tungkol sa mga pagtatalos na ito.

349 At dito nga, nalaman ko na ang kapatid na babae ni Gng. Wood dito’y. . .Hindi ko pa nakikita kailanman ang mga kaanak nila. Ilan sa kanila ang pinagaling nung oras na ’yun, at ang lahat. . .Hayan nga’t, alam n’yo, isang malaking porsiyento ng mga taong ’yun ang pinagaling. At matapos ’yung. . .Ang kakatwa nga rito ngayon: ang kanyang kapatid na babae, nakasalo na siya noon na kumain ng hapunan isang gabi, mga dalawang linggo bago ’yun. . .Oh, doon nga ’yun sa mga kabundukan sa Kentucky, at alam ko—alam ko na may boses siya na kaparehas ng kay Gng. Wood, at di ganoong kaliwanag sa loob ng silid. At di ko nga siya masyadong nabibigyan ng pansin, ako po’y, nakikipag-usap nang mas matagal sa kanyang asawang lalaki, siya naman po’y naghahanda ng hapunan noon. At kami po’y dumako na roon at naupo’t kumain na; at pumasok doon, nakipag-usap ako sa kanyang asawang lalaki, tumayo at umalis na. At nalalaman ng Diyos na Siyang tapat kong Hukom (sa pagkakatayo ko rito sa pulpitong ito) hindi ko kilala ang babae na ito.

350 At pagkatapos na matapos na ’yung gawain ng pagpapagaling, tumawag ako ng pagdulog sa altar para ang mga makasalanan ay makapagsisi. At siya nga’y matagal nang mariin ang pagtutol Dito noon; pero hayun nga na siya’y nagsisi’t ibinigay ang buhay niya kay Cristo, itinaas niya ang kamay niya na kanyang isusuko ang kanyang buhay kay Cristo, at humahagulgol. Matapos na nawala na ang lahat ng pahid, tumawag nga ako ng pagdulog sa altar, at nagpatuloy. At mangyari po na bumaling ako, at heto ang isang pangitain, at nakita ko roon ang kanyang kapatid na lalaki; nito ngang kapatid na babae, nandun ang kapatid na babae, at sila’y magkasama.

351 At akala ko ang maybahay ito ni Charlie, dahil nalaman ko noong maupo ako sa may hapag nung isang araw, doon sa—sa bahay ni Charlie. . .Yung munti niyang maybahay, munti

niyang asawa'y, ipinakita sa akin ng Panginoon 'yung suliranin na mayroon siya. At nung mismong oras na 'yun, hinipo siya ng Panginoon, sa pagkakaupo niya roon sa puwesto niya sa lamesa. Si Tony, kung nasaan kami noon, nandun kami sa labas, lumabas kami para mangaso ng squirrel. At hinipo ng Panginoon ang katawan niya at inalis na niya 'yung bagay na dapat sana'y susuotin niya nang buong. . . nang buong buhay niya, pinaalis na 'yun sa kanya; hayan nga't nakaupo roon. At ang munting babae ngang ito'y kumakain noon na nakapuwesto doon sa dulo ng hapag, pero ngayon, lumilipat-lipat na siya ng puwesto, at inililipat ang upuan niya, at kumakain na sa tabi ko. Hindi niya nalalaman noon ang ginagawa niya. Yung asawa niyang lalaki'y nakaupo nang *paganito*, at si Kapatid na Banks ay nakaupo roon, at kami nga'y nagkukuwentuhan. At lumipat siya ng puwesto, at inusog ang upuan niya, at naupo rito sa may tabi ko. At 'yun po'y para sa isang layunin, nagpakita ang Panginoon ng pangitain nung mismong sandali na 'yun. At tinawag ko agad 'yung pansin ng asawa niyang lalaki, dahil suliranin 'yun na pambabae, unti-unti kong sinabi sa asawang lalaki kung anong nangyari. Sabi niya, "Kapatid na Branham, ganyan na ganyan po mismo ang nangyari, eksakto pong ganyan." At doon nga'y sinaysay niya sa maybahay niya, at pinagaling siya mismo ng Panginoon. Buweno.

<sup>352</sup> At nung matapos na 'yung gawain nung isang gabi, at ito pong isa pang kapatid na babae, nakinita ko ang nakababatang Charles at itong babae na ito na magkasama. Sa isip-isip ko, "Baka ang asawa niyang babae ito; pero ang asawa niyang babae'y olandes ang buhok, at ang babae na ito'y itim naman ang buhok." At bigla ko ngang napansin na 'yung pangitain ay dumako sa sulok na ito rito. At nakaupo ang babae roon na pinapahiran ang kanyang mata at ang Panginoon ay nagpakita ng isang pangitain matapos na ang babae'y. . . 'yung pagtawag sa pagdulog sa altar. . . pagkatapos nung pagtitipon para sa pananalangin, nung pagpapagaling ng mga maysakit, at tumawag na ng pagdulog sa altar, haya't ang Diyos nga'y nagluwat muna hanggang sa siya'y makapagsisi at maibigay niya ang kanyang buhay sa Kanya at pagkatapos bumaling at pinagaling siya. At siya nga'y may. . . grabe 'yung pamamaga na dulot sa kanya nung suliranin na 'yun na umabot ng ilang taon. At siya nga'y pinahirapang lubha nun, at lahat, na anupa't 'yung mga paa niya'y nangulubot dahil sa dumaan na 'yun sa kanya (mga lason) mula sa katawan niya. Gumaan ang pakiramdam niya kumpara sa bigat na naramdaman niya nang maraming taon, kita n'yo. At ganoon na lamang na ipinangyari 'yun ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang kamangha-manghang biyaya! Sa palagay ko'y 'yun na po ang istorya; di po ba, Kapatid na babaing Wood? At ganoon ang pamamaraan Niya! Matapos. . . Ano po 'yun? [Sinababi ni Kapatid na babaing Wood, "Nabawasan siya ng pitong libra noong nakaraan na isang

linggo.”—Pat.] Pitong libra po sa loob ng isang linggo. Oh, Siya nga’y Diyos, hindi po ba?

<sup>353</sup> Ngayon, sasabihin ko sa inyo, ang dahilan kung bakit sinabi ko kay Kapatid na Neville. . . Iniisip ko kasi na marahil may mensahe siya para sa gabing ito. Ang sabi naman niya, “Wala,” wala raw siyang imemensahe. At mayroon po akong ilang katanungan dito na mga natira, ako po’y moral na obligado na balikan ito at sagutin ang mga tanong na ito. Tapos may dalawa o tatlo na lang ako na marahil hindi ko madadakuan sa gabing ito.

<sup>354</sup> Gusto ko pong ipakita sa inyo ang ilan na iniabot sa akin mula sa isang mangangaral. Si Kapatid na Neville po’y, o, si Beeler po’y iniabot sa akin ang mga ito. [Sasagutin ni Kapatid na Branham ang sumusunod na walong katanungan sa Bahagi III, bilang mga tanong numero 67 hanggang 74—Pat.]

**Ano ang inirepresenta ng mga bato sa Apocalipsis 21:19 at 20?**

**Pakipaliwanag po ng apat na nilalang sa Apocalipsis 5 . . .**  
Ang ibig niya pong sabihin ay 6; hindi po Apocalipsis 5, sa 6 po, sa tingin ko.

**At sino ang dalawampu’t apat na matatanda?**

**Ano po ang ibig sabihin ng pulang sinulid sa Genesis 38?**

**Nasaan po ang mga kaloob na ipadadala ukol sa kamatayan ng dalawang saksi, sa Apocalipsis 11?**

**Saan po paroroon ang mga banal matapos ang libong-taon na paghahari? At anong klaseng katawan ang magkakaroon sila sa panahon na ’yan?**

**Papaano natin hahatulan ang mga anghel?**

**Ano po ’yung buhok na inuukol sa mga anghel sa Unang Mga Taga-Corinto?**

<sup>355</sup> Kung naghahanap po tayo ng magagandang tanong, heto po ang magagandang tanong. Baka hindi ko po madakuan ang mga ito ngayong gabi, pero kung loobin ng Panginoon, sisikapin ko na dumako sa mga ito sa susunod na magtitipun-tipon uli tayo.

<sup>356</sup> Mayroon po ako ritong magagandang mga tanong ngayong gabi; kaya tayo po’y manalangin na ngayon at humiling sa Panginoon na tulungan tayo, at dadako po tayo sa mga ito sa susunod na, oh, tatlumpu’t lima, apatnapung minuto.

<sup>357</sup> Ngayon, mapagpalang Makalangit na Ama, kami po’y lubos ang pasasalamat sa Iyo para sa lahat ng ito na Iyong ginawa para sa amin. At, oh, grabe pong kamangha-mangha na ang Iyong biyaya’y umabot sa amin. Naiisip ko nga ngayon, ’yung isang gabi, haya’t ang munti kong kasamahan, oh, grabe ang karamdaman, at Ikaw ay pumasok sa eksena. Nagsimulang malusaw ’yung kanyang lagnat nung mismong oras na ’yun, at ganap na nakaalpas na roon ngayon. Nagpapasalamat po

ako sa Iyo. At 'yung...sadya ngang nananalangin na Ikaw ay sumama sa bawat isa't lahat na humihiling ng kahilingan ngayong gabi. At kakaunti po ang nalalaman namin ukol dito, hanggang sa ito'y makaabot sa sarili naming tahanan, kung ano ba ang kahalagahan nito, nitong munting panalangin. Oh Diyos, grabe... ganoon—ganoon na lamang na Ikaw ay naging realidad. Sa oras na gaya nun na ang doktor ay lalakad na lang palayo, at magsasabi, "Di ko alam, wala pa akong nakikita na gaya n'yan ang paglubha," at pagkatapos ang Panginoong Jesus ay kumilos at dumako sa eksena.

<sup>358</sup> Oh Diyos, Ikaw po'y totoong-totoo sa amin, at kami'y nagagalak para rito. Dalangin po namin na Iyong patawarin kami sa lahat ng aming mga makukupad na gawa, at aming walang kapararakan na gawa. At, oh, kami po'y sadyang isaalang-alang, Panginoon, na kami'y lamang-tao sa madilim na mundong ito, isang mundo ng kadiliman at kasalanan at linggatong na kaguluhan. At kami po'y nakasilip sa isang tabing, hayan po ito, sa ibabaw ng aming mukha, at ang amin lang nakikita at nalalaman ay itong mga nagagawa namin bilang tao rito. Pero balang araw ang tabing na 'yun ay hahawiin, makikita Ka namin nang mukhaan at makikilala gaya ng pagkakakilala sa amin. Yan po ang araw na inaasam-asam namin.

<sup>359</sup> Dalangin namin Ama, ngayon, na Iyong tulungan kami habang sinisikap namin na ibahagi sa mga tao ang Salita ng Diyos, ayon sa kanilang mga kahilingan. Iyo pong iwaglit ang lahat ng mga sakit mula sa amin. Kailangan Ka po namin, Panginoon. At dalangin namin na Iyong ipagkakaloob ito. Iyong idulot na ang Iyong mga kahabagan ay maibigay sa amin, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>360</sup> Ngayon, sa pagsasagot po ng mga katanungan, hindi po ako ang pinaka magaling sa bansa, alam n'yo 'yan. Pero sisikapin ko pong sagutin sa abot ng mainam kong nalalaman.

<sup>361</sup> Heto po 'yung isa na naumpisahan ko na sana nung isang gabi, at kaso'y kailangan ko nang huminto:

**60. "Sa pamamagitan ng isang Espiritu lahat tayo'y nabautismuhan sa katawan ni Cristo." (Naalala n'yong lahat na 'yan 'yung tanong na hinintuan ko. Ngayon 'yan po'y makikita sa, hayan nga, sa Unang Mga Taga-Corinto 12)... Sa oras na ating... tanggapin ang bagong kapanganakan, na ito'y mangyari. Ito po ba'y... Ito po ba ang Bautismo ng Espiritu Santo, o may susunod pang bautismo pagkatapos, o ito po ba'y pagpupuno?**

<sup>362</sup> Ngayon, mainam na tanong po ito, at maaari nating gugulin ang natitira nating oras sa isa lang na ito, haya't ang oras ngayong gabi at ang oras bukas ng gabi at ang mga susunod pa. Madadaanan nito ang...magagawa nga nitong—magagawa nga nitong kunin at pagbigkis-bigkisin ang buong Biblia na

maglakip-lakip. Haya't ang bawat Kasulatan nga'y marapat lamang na maayos na tumutugaygay sa isa pang Kasulatan sa Biblia.

<sup>363</sup> Pero sikapin lang natin na sagutin ito nang daglian, nang simpleng-simple sa abot ng nalalaman ko kung paano, hindi; kapag sumampalataya ka kasi sa Panginoong Jesus Cristo, mayroon ka nga nitong bagong kapanganakan. Sa pagsampalataya mo sa Panginoon, tinatanggap mo itong bagong kaisipan, isang bagong buhay, pero hindi 'yan ang Bautismo ng Espiritu Santo. Kita n'yo? Natatanggap n'yo ang bagong kapanganakan kapag kayo'y sumasampalataya, natatanggap n'yo ang Buhay na Walang Hanggan. Ito'y kaloob ng Diyos na ibinigay sa inyo sa pamamagitan ng pinaka dakilang biyaya sa pamamagitan ng pagtanggap sa kaloob na ibinibigay sa inyo ng Diyos. "Ang—ang dumirinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan." May buhay na walang hanggan; 'yan po ang bagong kapanganakan, kayo po'y napagbagong-loob, ang ibig sabihin nga'y kayo'y "ibinuwelta."

<sup>364</sup> Pero ang Bautismo ng Espiritu Santo ay yaong naglalagay sa inyo sa katawan ni Cristo, inuukulan ng mga kaloob para sa gawain. Hindi ka nga nito gagawin na mas higit pang Cristiano, ipinupuwesto ka lang nito sa katawan ng mga kaloob. Kita n'yo? "Ngayon, sa pamamagitan ng isang Espiritu" (Unang Mga Taga-Corinto 12) "lahat tayo'y nabautismuhan tungo sa isang katawan. Ngayon," sabi ni Pablo, "may iba't ibang mga kaloob, at sa katawan na ito'y may siyam na espirituwal na kaloob." At sa katawan na ito . . . Marapat nga na kayo'y mabautismuhan tungo sa katawan na ito para ariin ang isa sa mga kaloob na ito. Ang mga ito'y kalakip nung katawan.

<sup>365</sup> Pero, ngayon, sa usapin naman ng pagkakaroon ng Buhay na Walang Hanggan at pagiging Cristiano, kayo po'y isang Cristiano sa sandali na manampalataya kayo. Ngayon, hindi po kunwang-pananampalataya, ito po'y tunay na pagsampalataya sa Panginoong Jesus at pagtanggap sa Kanya bilang inyong sariling Tagapagligtas; kayo'y ipinanganak na muli diyang mismo, at nagkamit ng Buhay na Walang Hanggan. Ang Diyos ay sumasa inyo.

<sup>366</sup> Ngayon masdan, Buhay na Walang Hanggan; sabi ni Jesus, "Ang dumirinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan, at di na tutungo sa kahatulan bagkus ay lumipat na mula kamatayan patungong Buhay." Kayo po'y bagong nilalang na n'yan. Tapos may mga nakatagpo si Pablo na ilang tao, doon sa Mga Gawa 19. May isang mangangaral sila dun na isang pinagbagong-loob na abogado na ang pangalan ay Apolos. At si Apolos ay isang lalaki na dalubhasa sa mga Kasulatan, at

kanyang pinatutunayan sa pamamagitan ng mga Kasulatan na si Jesus ay ang Cristo. Kita n'yo?

<sup>367</sup> Ngayon masdan n'yo. Si Apolos, sa pamamagitan ng Salita, ay pinatutunayan sa pamamagitan ng Salita. “Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, pakikinig ng Salita. Ang dumirinig ng Aking Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan.” Nakukuha n'yo ba? Si Apolos, sa pamamagitan ng Salita, ay nagpapatunay. At ang mga ito’y mga Cristiano na, sila’y mga tagasunod mismo, mga disipulo. At pinatutunayan nga ni Apolos sa pamamagitan ng Salita, na si Jesus ay ang Cristo. At sila’y nagtamasa ng dakilang kagalakan at tinanggap mismo ang Salita, gayong ang nalalaman lang nila ay yaong bautismo ni Juan.

<sup>368</sup> At noong si Pablo’y dumaan noon sa hilagang baybayin ng Efeso, nasumpungan niya ang mga disipulong ito at sabi niya, “Natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo *simula* nang manampalataya kayo?” Kita n'yo?

<sup>369</sup> Ngayon, kapag kayo’y sumampalataya, sabi ni Jesus, “Kayo’y may Buhay na Walang Hanggan.” Yan po ’yung bagong kapanganakan. Yan ang pagbabagong-loob, pagbabago. Pero ang Bautismo ng Espiritu Santo ay yaong kapangyarihan ng Diyos na tungo nito’y nabautismuhan kayo at naging pinaguukulan nitong siyam na espirituwal na mga kaloob para kumilos sa inyo; kabilang dito ang, pangangaral, pagiging mga ebanghelista, mga apostol, mga pastor, mga propeta, . . . at lahat na mga kaloob ng katawan ay kalakip dito, kapag kayo’y binautismuhan tungo sa katawan na ito. At ’yan po’y . . . hindi ka nito ipinagiging mas higit pang Cristiano, ito lamang ay nagsasaayos ng inyong pagkakapuwesto sa dako na maging isang nagmi-ministryong espiritu sa Iglesya ng buhay na Diyos. Ngayon nakukuha n'yo na ba? Kita n'yo?

<sup>370</sup> Ngayon ang katanungan po’y . . . Sige’t sagutin natin isa-isa, may tatlong tanong po rito.

**“Sa pamamagitan ng isang Espiritu tayong lahat ay nabautismuhan tungo sa katawan ni Cristo.”**

Tama po ’yan, nariyan po sa Unang Mga Taga-Corinto 12 ang sagot diyan. Buweno.

**Sa oras po ba na tanggapin natin ang bagong kapanganakan, ito ba’y mangyayari? Kailan po ba ito?**

<sup>371</sup> Yan po ang gusto nilang malaman, oo . . . “Sa pamamagitan ng isang Espiritu . . .” Hindi. Hindi. “Sa pamamagitan ng isang Espiritu lahat tayo’y nabautismuhan tungo sa isang katawan.” Kita n'yo, hindi po diyan nagsisimula ang bagong kapanganakan, ang bagong kapanganakan ay nagsisimula kapag ikaw ay *sumampalataya* sa Panginoong Jesus.

372 Ngayon tingnan n'yo, walang isang...wala pong isang bagay...Ngayon pakinggan n'yo. Ano pa bang iba na maaari n'yong gawin kundi manampalataya? Ano pa bang higit na magagawa mo? Ano pa bang iba na magagawa mo kundi sadyang sumampalataya rito? Sige't sabihin n'yo nga sa akin kung ano pa bang iba na magagawa n'yo. Wala na ngang iba pa kayong magagawa maliban sa sampalatayanan Ito. Ngayon, kung may bumunsod man mula sa inyong pagsampalataya, hindi po ito ganang inyo na pagkilos, ito'y pagkilos na ng Diyos. Kaya naman...

373 Ngayon kung sasabihin kasi natin na kapag kayo'y... Maraming beses na nakikita ko ito, maraming beses, na tinatanggap ng mga tao ang "paunang ebidensya ang pagsasalita sa iba't ibang wika" bilang ang Espiritu Santo. At kung minsan talagang inuudyukan ang mga tao, o ipinagdidinaan ito sa kanila at tatapikin sila, sasabihin, "Salitain mo ito. Salitain mo ito. Salitain mo ito. Salitain mo ito." Alam n'yo, uulit-ulitin 'yung isang salita na paulit-ulit, "Salitain mo ito. Salitain mo ito. Salitain mo ito." Kita n'yo, magiging isang bagay 'yan na sa ganang inyo lang ginagawa. At—at—at hindi 'yan... hindi 'yan... 'yan—'yan nga'y walang kabuluhan. Marahil ang maibubunsod n'yo ay kalituhan lang ng mga wika. Marahil kung anu-ano—kung anu-anong bagay ang makukuha n'yo, at mga sensasyon. Pero kung may bagay nga na bubunsod mula sa sarili n'yong personal na pananampalataya, marapat na ito'y Makalangit na kaloob ng Diyos na ibinigay sa inyo. Kita n'yo?

374 "At sa pamamagitan ng isang Espiritu lahat tayo'y binautismuhan tungo sa isang katawan." Tama po 'yan, kita n'yo. Ang Bautismo ng Espiritu Santo ay ibang kilos kumpara sa bagong kapanganakan. Yung isa'y kapanganakan, 'yun isa'y bautismo. Yung isa'y naghahatid sa inyo ng Buhay na Walang Hanggan, 'yung isa'y nagbibigay sa inyo ng kapangyarihan. Nagbibigay ito ng kapangyarihan tungo sa Buhay na Walang Hanggan, kita n'yo, para gumana. Ngayon nakukuha n'yo na ba? Ayos. Buweno.

375 Ngayon heto pa ang isa, ito po ang pangalawa, 'yung pinaka mainam na tanong na naiabot sa akin nung gabing 'yun:

**61. Nasaan po ang Espiritu ni Jesus noong tatlong araw na ang Kanyang katawan ay nasa libingan? Nasaan po ang Kanyang Espiritu?**

376 Ngayon, ang Kanyang espiritu, kung susundan n'yo ang mga Kasulatan,... buweno, marahil bumuklat tayo sa iba't ibang dako. Pero, iniisip ko lang, sino po ang may dalang Biblia? Kapatid na Stricker, may Biblia ka ba riyan? Sige. Kapatid na Neville, mayroon ka ba riyan? Ibuklat mo nga ako sa Mga Awit 16:10. At sino pa? Kapatid na babaing Wood, may Biblia ka

ba riyang? Buweno, Kapatid na Stricker, (sige po, alinman dito), ibuklat mo ako sa Mga Gawa 2:27, Mga Gawa 2:27.

<sup>377</sup> At ngayon, unang-una, noong mamatay si Jesus. . . Kapag mamamatay kayo, ang katawan n'yo ay namamatay. Ang ibig sabihin ng salitang *kamatayan* ay “mahiwalay,” ang mahiwalay nga mula sa inyong mga mahal sa buhay. Pero dito’y ang sabi Niya rito, sa San Juan, sa ika-11 kabanata, “Ang dumirinig. . .” Di po pala. . . ipagpaumanhin n'yo ako; nasa San Juan 5:24 po pala, “Ang dumirinig ng Aking mga Salita ay may Buhay na Walang Hanggan.”

<sup>378</sup> Ang sabi ni Jesus kay Marta, na nagtungo roon para salubungin Siya, . . . Sabi ni Marta, “Kung nandito Ka lang sana, hindi po sana namatay ang kapatid kong lalaki. Pero ganoon pa man, anuman ang hilingin Mo sa Diyos, ipagkakaloob sa Iyo ng Diyos.”

<sup>379</sup> Sabi Niya, “Ako ang Pagkabuhay na mag-uli at ang Buhay.” Kita n'yo? “Ang sumasampalataya sa Akin, gayong siya’y patay, siya’y mabubuhay; at ang sinumang nabubuhay at nananampalataya sa Akin, ay di kailanman mamamatay.”

<sup>380</sup> Ngayon—ngayon, may bahagi sa atin na hindi namamatay. At habang tinutugaygay ko ang mga pagkakalinya ng mga Kasulatan, haya’t lahat ng mga bagay na may pasimula ay may katapusan. Yung mga bagay na walang pasimula, ang walang katapusan. Kaya naman kapag tinatanggap natin si Cristo, ang Diyos, tayo’y nagiging mga anak na lalaki’t mga anak na babae ng Diyos, at ang Buhay nati’y nagiging walang katapusan kung papaano nga na ang Buhay ng Diyos ay walang katapusan; may kamit tayong Walang Hanggan.

<sup>381</sup> Ngayon, ang salitang *magpakailanman*, natalakay na natin ito. Ang salitang *magpakailanman* ay “isang espasyo ng panahon,” magpakailan at (pang-ugnay) magpakailanman. At nasumpungan natin dito na ito’y may—ito’y may katapusan, gaya ng lahat ng mga paghihirap, at lahat ng mga karamdaman, at lahat ng kapighatian, at lahat ng mga parusa, at maging ang impyerno mismo’y may katapusan.

<sup>382</sup> Pero ang Buhay na Walang Hanggan ay walang katapusan, dahil Ito’y walang pasimula. Hindi Ito maaaring mamatay dahil hindi naman Ito kailanman ipinanganak. Wala Itong pasimula ng mga araw, wala Itong katapusan ng panahon. Ngayon, ang tanging paraan upang mabuhay tayo nang Walang Hanggan, ay sa pamamagitan ng pagtanggap sa isang bagay na Walang Hanggan. At ang Diyos nga; bago pa magkaroon ng anupamang bagay, hayan na ang Diyos. Ang Diyos ay walang pasimula o katapusan man.

<sup>383</sup> At ang Diyos ay itong dakilang Espiritu. Isinasalarawan natin Siya na parang ’yung—’yung pitong kulay ng bahaghari na lumulukob. . . Yung paarkong ’yun ay aktuwal na tumatakip sa



buong mundo kung hindi 'yun tatama sa lupa. Yun nga'y tubig na nakapabilog sa kurbada ng lupa, 'yun ang bumubuo nun. Pero, ngayon, yamang ang Diyos ay Walang Hanggan, at Siya yaong Sakdal: sakdal na pag-ibig, sakdal na kapayapaan, sakdal na kagalakan, sakdal na kaluguran. Lahat ng pitong espiritu na 'yun (gaya ng hinango natin sa Apocalipsis), ang mga 'yun ay lumabas; galing at bumubuo sa Diyos, kasakdalan nga. Lahat ng mga bagay na nasa labas nun ay bagay na binaluktot mula Roon.

<sup>384</sup> Ngayon ang tanging paraan para tayo'y makabalik sa kasakdalan, ay ang bumalik sa pamamagitan Nun (kasakdalan, na siyang Diyos). Kung ganoon makadadako tayo sa kasakdalan, magtatamo tayo ng Buhay na Walang Hanggan; walang katapusan, o walang—walang anumang bagay, sadya ngang magpakailanman na Buhay na Walang Hanggan.

<sup>385</sup> Ngayon tinutukoy niya rito ang kaluluwa. . . ang espiritu. Dahil hinahatid ang katawan natin sa libingan maging ang pinaka-banal na sa kalagitnaan natin, itong katawan ngang ito. At 'yung katawan na 'yun. . . Kung tutuusin, noong ang Diyos, ang Logos na lumabas buhat sa Diyos. . .

<sup>386</sup> O, katulad nga ng natalakay ko na, ang tawag Dito ng mga Katoliko ay, “ang Walang Hanggang pagka-anak daw ng Diyos.” Na, nasabi ko na ito noon, wala ngang ipinapahayag na katuturan ang kataga na 'yun. Kita n'yo, hindi kasi maaaring magkaroon ng Walang Hanggang anak, dahil ang isang anak ay marapat na may pasimula. At kaya si Jesus ay may pasimula, ang Diyos ay walang pasimula. Kita n'yo? Pero ang Anak ay. . . haya't wala ngang Walang Hanggang pagka-anak, kundi ang Anak na nasa Ama sa pasimula ay ang Logos na lumabas mula sa Diyos.

<sup>387</sup> At 'yun ay ang theophany ng Diyos na lumabas. Anyong-tao na ang mga mata'y di tulad sa mga mata n'yo na nakakakita; higit na mas mainam na mata. Ang mga tainga'y hindi tulad sa mga tainga n'yo na nakakapakinig, bagkus higit na mas mainam sa pakikinig. Kita n'yo, isa Itong theophany, na, itong buong bahaghari na ito'y bumaba sa pagiging isang—isang theophany. Nakita Ito ni Moises noong Ito'y dumaan sa bato nang gaya nun. Nakita ni Moises ang likurang bahagi, ang sabi, “Mukha Itong isang tao.”

<sup>388</sup> Nakita Siya ni Abraham noong Siya'y bumaba sa pagiging isang laman ng tao at kumain ng baka, uminom ng gatas, kumain ng mantikilya. Nakita Siya ni Abraham sa paghakbang Niya rito, at pagkatapos ay naglaho nang biglaan mula roon. Napag-alaman nga natin na ang ating mga katawan ay binubuo ng labing-anim na mga elemento ng lupa, na ang mga ito'y naglakip-lakip na magsama-sama. At pinagsama-sama ito ng Diyos, at inilagay ang dalawang Anghel sa mga katawan na ito;

mga Anghel nga na nakakatayo at nakapagsasalita. At yaong mga Anghel nga'y tao nang isang. . .haya't nung sandali na 'yun.

<sup>389</sup> Ngayon pansinin, nasumpungan natin, na Sino pa nga ba si Melquisedec kundi ang Diyos Mismo! Hindi nga maaaring kung sino pang iba, dahil Siya ang Hari ng Salem na Jerusalem. Wala Siyang tatay o nanay; hindi maaaring si Jesus 'yun, dahil Siya'y may tatay at nanay. Si Melquisedec naman ay walang pasimula ng mga araw, walang katapusan ng buhay; may Isa lang na ganyan, ang Diyos. Ang Diyos 'yun na nananahan dito sa isang theophany. Kita n'yo? Pansinin, Hari ng Salem.

<sup>390</sup> Ngayon, ang Diyos ay nabuhay sa mga kapanahunan, sa pamamagitan ng Kanyang mga hirang. Ang Diyos 'yun na naroon kay David, na nagbunsod kay David na maupo sa bundok, at bilang isang tinanggihang hari, at umiyak. Ang siya ring Epsiritu na 'yun ay nahayag kay Jesus na Anak ni David, Na tinanggihan sa Jerusalem at umiyak.

<sup>391</sup> Si Joseph, ipinagbili sa halagang tatlumpung pirasong pilak, kinamuhian ng kanyang kapatid, iniibig ng kanyang ama, naupo sa kanan ng Faraon, at walang sinuman ang makalalapit na. . . hindi dumaan muna kay Joseph, at sa pagtunog ng trumpeta haya't ang bawat tuhod ay luluhod kay Joseph: talagang ganap na tipo ni Cristo. Hayun nga ang Espiritu ni Cristo na nabubuhay sa mga kalalakihan na 'yun. Kita n'yo?

<sup>392</sup> Ngayon, ngayon noong si Jesus ay mamatay, ang Diyos 'yun na nahayag sa laman. Ang Diyos ay naging tao. Sa batas ng pagtutubos, ang tanging paraan para matubos ng isang tao ang nawaglit na ari-arian ng Israel, ay kailangan siya'y isang kamag-anak. Kinakailangan niyang maging malapit na kamag-anak. Mainam ang pagkakapaliwanag ng Aklat ni Ruth dito; at ang lalaking 'yun ay kinakailangan na isang kamag-anak. Kaya kinailangan ng Diyos na maging malapit na kamag-anak sa tao, nang sa gayon ang tao ay maging kamag-anak ng Diyos. Kita n'yo?

<sup>393</sup> Ang tao nga'y may espiritu sa kalooban niya, hayan nga ang isang tao ay mayroon nun noong ipanganak siya, dahil 'yun ang espiritu ng kalikasan. Yun ang espiritu ng mundo, 'yun ang espiritu ng—ng diyos ng sanlibutang ito. Siya nga'y supling lamang ni Adan.

<sup>394</sup> Ang isang puno'y pinaparami nito ang sarili nito. Ang halaman nga'y pinaparami nito ang sarili nito. Ang hayop din ay pinaparami nito ang sarili nito. Ang mga tao'y nagpaparami rin. Sila'y produktong galing sa orihinal na likha. Nakukuha n'yo po ba?

<sup>395</sup> Ngayon, ngayon kapag ang isang tao'y ipinanganak, siya'y ipinanganak na may taglay na espiritu sa kanya na espiritong makamundo. Yan ang dahilan kung bakit kinakailangan niyang maipanganak na muli. Dahil ang espiritu na ito'y nanggaling sa

paniniig ng tatay at nanay, sa pamamagitan nga ng seksuwal na paniniig, at tanay na hindi nga maaaring mabuhay nang magpakailanman. Kaya kinakailangan ng tao na maipanganak na muli. At bago niya 'yun magawa, kinakailangan na ang Diyos ay bumaba at gumawa ng daan para ang tao ay maipanganak na muli; dahil wala siyang pamamaraan para tubusin niya ang sarili niya, siya nga'y walang pag-asa. Hindi niya kayang. . . haya't walang pag-asa, walang Diyos, walang Cristo, sa sanlibutan, ligaw at napahamak. Siya—siya. . . wala nga siyang magagawa para iligtas ang sarili niya. Siya. . . bawat. . . Kahit na punong saserdote pa siya, siya man ay isang obispo, siya man ang papa, anuman siya, siya nga'y kasing makasalanan ng kasunod niyang tao.

<sup>396</sup> Kaya, kinailangan ng Isa na walang sala, para gawin 'yun. At ang nag-Iisa na walang kasalanan ay ang Diyos Mismo. At ang Diyos ay kinailangan na bumaba at maging tao (at Siya'y bumaba sa anyo ni Cristo) para kawitin ang tibo ng kamatayan, para hugutin paalis ang tibo ng kamatayan, para tubusin tayo, para tayo. . . hindi sa pamamagitan ng mga gawa o ng sarili nating kabutihan (dahil wala naman tayo), bagkus ay sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, ay tayo'y maligtas. Tapos tatanggapin natin ang Kanyang Buhay sa mortal na katawang ito, at ngayon tayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae na ng Diyos, at may taglay nang Buhay na Walang Hanggan sa kaloob-looban natin. Tayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos. Kaya naman, si Jesus, yamang nabubuhay. . .

<sup>397</sup> At walang tao, kahit na gaano pang kasama o gaano mang kabuti, kapag siya'y oras na. . . kapag lilisanin na niya ang lupang ito, hindi siya patay. Siya'y nasa isang dako lang. Pero may buhay nga siya na maglalaho, matapos na parusahan siya dahil sa kanyang mga gawa, siya. . . hayon nga na ang buhay na 'yun ay paparam. May nag-iisang uri lang ng buhay na Walang Hanggan.

<sup>398</sup> Ngayon, natalakay na natin 'yan. Kung ang isang tao'y makasalanan at walang hanggan siyang parurusahan. . . Hindi nga siya maaaring parusahan nang walang hanggan dahil ang ibig sabihin pala nun may Buhay na Walang Hanggan siya. Kung may Buhay na Walang Hanggan Siya, ibig sabihin ligtas siya. Kita n'yo? Kaya may isang uri lang ng Buhay na Walang Hanggan, at 'yun ay Zoe, "ang Buhay ng Diyos." At hindi siya paparam.

<sup>399</sup> Pero ang mga masasama ay nasa dako ng—ng paghihintay (sa pagdurusa) para sa kanilang kahatulan (para hatulan ayon sa mga gawa na ginawa sa pamamagitan ng katawan) sa huling araw. Ngayon, pero tayo. . . May mga tao na ang pagkakasala nila'y nagsisipanguna sa kanila, ang ilan ay sumusunod sa kanila.

400 Ngayon kung ipagtatapat natin ang ating mga kasalanan, Siya nga'y matuwid para patawarin tayo, kaya naman hindi natin kailangang tumayo sa paghatol ng Diyos. Nakukuha n'yo ba? Tingnan n'yo, Mga Taga-Roma 8:1, "Ngayon nga'y wala nang anumang hatol sa kanila na mga nakay Cristo Jesus." Mga NA KAY Cristo. Na lumipat na mula kamatayan patungong Buhay; kita n'yo, wala na tayong kahatulan haya't nakay Cristo Jesus na tayo. "Na di na lumalakad sa laman, bagkus ay sa Espiritu." Kita n'yo? "Ang dumirinig ng Aking mga Salita, sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan."

401 At kung ako'y tinanggap na kay Cristo, at kinuha na ni Cristo ang kahatulan sa akin, at tinanggap ko na ang kabayaran Niya para sa aking mga kasalanan, papaano pa ngang hahatulan ako ng Diyos? Tapos na Niya akong hatulan, noong hatulan Niya si Cristo. Kung ganoon ay malaya na ako sa kahatulan. "Kapag nakita Ko ang Dugo, Ako'y lalampas sa iyo." Kita n'yo?

402 Pero, ngayon, ang mga masasama ay di ganoon. Siya'y pumupunta sa dako na 'yun ng pagdurusa. At alam natin na totoo 'yan. Ang masama ay buhay. Nandun siya sa isang dako ng lubhang pagdurusa. Nandun siya sa isang dako na di niya alam. . . Sa ganyang paraan nga nagagawang tawagin ng mga espirituwalista't mga espirita ang mga espiritu ng mga taong ito na yumao na, na parang laro-laro at mahahalay na biro at mga bagay-bagay na ginagawa nilang katatawanan, kung nakakita na kayo ng ganoon. Buweno. Bakit? Hindi nila. . .

403 Tingnan n'yo po itong si Binibining Piper, bago lumabas 'yung artikulo ko sa *The Miracle of Donny Morton*. Ilan po ang nakabasa nung artikulo na 'yun? Siyanga, marami sa inyo ang nakabasa, sige. At nandun 'yun sa *Reader's Digest*. Napansin n'yo ba? Bago 'yun, narito nga si Binibining Piper, itong bantog na espirituwalista na nakilala nitong mundo. Labing-dalawang pahina ang inilaan para sa kuwento niya. At sa loob ng limampung taon. . . Ibinibida nila siya sa buong mundo, at may mga siyentipikong pruweba pa at lahat na, na "totoo raw na may kakayahan siya na makipag-usap sa mga patay, at ang mga taong ito'y napapalitaw niya." Ano? Ang Pangalan ng Diyos ay di man lang nabanggit ni isang beses, walang pagsisisi, walang Makalangit na pagpapagaling, walang tungkol Dito, kita n'yo.

404 Ang tanging bagay lang, ay 'yung mga tao na 'yun na nabanggit, "John, nakikilala mo ba ako? Ako si George na tagarito sa *ganitong* lugar, at nagawa 'yung *ganito-at-ganoon* at *ganito-at-ganoon*. Naalala mo ba 'yung lugar na pinuntahan natin noon at ginawa natin 'yung ganito?" Kita n'yo, ganoon lang ang alam nila. Naligaw sila. Lihis na lihis mula. . . Sa kanila—sa kanila nga'y wala nang natitira pa't kahatulan na lang.

405 Yung kung saan nakahilig ang puno, doon 'yun matutumba. At ang estado ng inyong pagkamatay. . . Yan ang dahilan kung

bakit iba ang pananaw ko sa pananalangin sa patay, kita n'yo, itong may namamagitan sa panalangin o—o komunyong ng mga santo at iba pa. Hindi nga ito maaaring, ayon sa Salita ng Diyos. Walang mabuting maidudulot ang manalangin para sa isang tao na yumao na. Tapos na sila. Sila'y... sila'y... Sila'y lumampas na sa hangganang linya ng awa at kahatulan. Alinman sa napunta sila sa awa, o napalayo sila mula sa awa. Yan mismo ang sinabi ni Jesus, sa ika-16 na kabanata ng San Mateo, Kanyang—Kanyang—Kanyang itinuro ito; sa ika-16 na kabanata ng Marcos, sa palagay ko. Yaong mayamang lalaki at si Lazaro; walang tao ang makatatawid sa malaking agwat na 'yun, at walang makatatawid kailanman! Hayan nga. Kita n'yo? Kaya 'yun na 'yun.

<sup>406</sup> Ngayon, pero noong si Cristo'y mamatay, ang lahat ay marapat lamang na makasaksi na Siya ang Cristo. Ngayon dumako tayo sa inyong tanong. Unang-unang nangyari, tumanggi ang mga bituwin na magliwanag, ang araw nama'y lumubog, umayaw ang buwan na magbigay ng liwanag, iniluwa ng lupa ang mga bato nito, noong Siya'y mamatay. At nagtungo Siya at nangaral sa mga kaluluwa sa bilangguan, na hindi nagsipagsisi sa pagpapahinuhod noong mga araw ni Noe. Siya nga'y, kailangan nilang makilala. Tingnan n'yo 'yun! At kung mayroon pong isang makasalanan dito ngayong gabi, bulayin n'yo 'yan pansumandali. Balang araw ang Ebanghelyo na ito na napapakinggan n'yo ngayon, kayo nga'y sasaksi sa pamamagitan Nito. Sa kung saang dako luluhod ka, kahit sino ka man. Marahil sampung libong taon man mula ngayon, marahil hindi na magtatagal. . . sa umaga. Kailan man ito, ikaw ay luluhod at luluhod sa kung saang dako, at mapapakinggan mo ang siya ring Ebanghelyo na ito na ipinapangaral pabalik sa iyo.

<sup>407</sup> Dahil pagkatapos na ang mga kaluluwa na 'yun na nasa bilangguan, na mga hindi nagsipagsisi noong si Enoc at noong ang lahat sa kanila'y nangaral, at si Noe. . . at para sa pagpapahinuhod sa Diyos, gaya ngayon, hinihintay ang oras na 'yun na dumating. At si Noe at Enoc at lahat sila'y nangaral, at hayan ang mga taong ito na nagtawanan lang at nilibak sila. At sila'y nasa isang bilangguan, at nagtungo roon si Jesus at nangaral sa mga kaluluwa na ito na nasa bilangguan. Siya'y sumaksi! Sumaksi ang kalangitan na Siya nga, sumaksi ang lupa na Siya nga, sumaksi ang impyerno na Siya nga!

<sup>408</sup> Sinabi ng Biblia na 'yung. . . Si David, maraming taon na ang nagdaan, sa Mga Awit. . . Sige, Kapatid, basahin mo nga sa Mga Awit, kung magagawa mo riyang. Mga Awit 16:10. [Binabasa ni Kapatid na Neville ang Kasulatan—Pat.]

*[Sapagka't hindi mo iiwan ang aking kaluluwa sa impyerno; ni hindi mo man titiisin ang iyong Banal ay makakita ng kabulukan.]*

409 Basahin mo ang siya ring 'yun, kapatid, diyan naman sa ipinangaral ni Pedro, sa Mga Gawa, sa ika-2 kabanata, sa ika-27 talata. [Binabasa ni Kapatid na Stricker ang Kasulatan—Pat.]

*[Sapagka't hindi mo iiwan ang kaluluwa ko sa impyerno, ni titiisin man na ang iyong Banal ay makakita ng kabulukan.]*

410 Basahin mo 'yung dalawang talata sa itaas nito, kapatid, para makuha mo 'yung konteksto nito.

*[Sapagka't sinasabi ni David tungkol sa Kaniya, nakita kong lagi ang Panginoon sa aking harapan, sapagka't siya'y nasa aking kanang kamay, upang huwag akong makilos:]*

*[Dahil dito'y nagalak ang aking puso, at natuwa ang aking dila; pati naman ang aking laman ay mananahan sa pagasa:]*

*[Sapagka't hindi mo iiwan ang kaluluwa ko sa impyerno, ni titiisin man na ang iyong Banal ay makakita ng kabulukan.]*

411 Basahin mo ang kasunod na teksto ngayon.

*[Ipinakilala mo sa akin ang mga daan ng buhay; pupuspusin mo ako ng kagalakan sa harap ng iyong mukha.]*

412 Oo, pansinin. Ngayon, Jehovah Witness kong kaibigan, gusto ko kayong tanungin tungkol diyan. Kita n'yo? Kung ang impyerno ay isang lugar, Hades, Sheol, anuman ang itawag n'yo rito, kung 'yun ay pumaparam sa libingan, kung ganoon bakit Niya sinabi, "Hindi Ko iiwan ang Aking kaluluwa sa impyerno, ni titiisin Ko ang Aking Banal na makakita ng kabulukan"? Paano nga 'yun? Kita n'yo?

413 Heto ang Kanyang katawan, sa libingan; at ang Kanyang kaluluwa sa impyerno, na nangangaral, buhay! Papaano nga 'yun? Siya'y nasa Kanyang theophany uli. Yung Kanyang kaluluwa ay naroon kasama ang mga taong 'yun na nasa theophany din. At nagpapatotoo sa kanila, na sila'y "hindi nagsipagsisi sa pagpapahinuhod."

414 Siya . . . Sa madaling sabi'y, kumatok Siya sa may pintuan. At nung bumukas ang pinto, at lahat ng mga kaluluwa na nagsipagsisi, ang sabi Niya, "Ako ang Binhi ng babae. Ako Yaong si Enoc dito . . ." Doon nga sa Paraiso, iba na namang lugar. Huwag n'yo ngang mapaghalo-halo itong tatlong lugar na ito, ngayon: yaong lugar ng masasama, lugar ng mga matutuwid, at 'yung impyerno mismo. Kita n'yo?

415 Katulad ng trinidad ng Langit, gaya ng: Ama, Anak, at Espiritu Santo. Gaya nung trinidad ng hayop: ang bulaang propeta, ang hayop, at 'yung—'yung tatak ng hayop. At lahat ng 'yan, alalahanin n'yo, ang lahat ay trinidad. Isa ang tinutugaygay

ng trinidad, ganap. Ang isa'y kaganapan. Kayo'y ganap, na isa sa tatlo: kaluluwa, katawan, at espiritu; tubig, dugo, at mga ugat. Kita n'yo, anuman kayo, kinakailangan na tatlo para tumugaygay sa ganap na isa. Haya't kumuha kayo halimbawa ng isang piraso ng salamin na may tatlong-sulok at itapat n'yo sa araw, makakapagpalabas nga kayo ng ganap na bahaghari. Kita n'yo, ang lahat, kinakailangan na may tatlo kayo para tumugaygay sa ganap na isa.

<sup>416</sup> At ngayon, alalahanin n'yo 'yan, na nung mamatay Siya, nagtungo Siya unang-una't nangaral sa mga kaluluwa na wala dun sa bilangguan. . . na nasa bilangguan, at nagpatotoo na Siya ang "Binhi ng babae." Siya yaong "Isa na 'yun na nakita ni Enoc na dumarating na may kasamang sampung libo na Kanyang mga banal." Kinailangan Niyang patotohanan ang Mga Kasulatan na ipinangaral ni Noe, at ni Enoc, at ng mga matutuwid, na "Siya yaong Isa na 'yun." Ang lahat nga'y marapat lamang na mapagkilala Ito!

<sup>417</sup> Tapos nagtungo siya sa impyerno, at tinanggap ang mga susi ng kamatayan at ng impyerno mula sa diyablo.

<sup>418</sup> Bumalik sa Paraiso; at dinala sina Abraham, Isaac, at Jacob, at ang matutuwid; at bumangon (Mateo 27), at sila'y lumabas mula sa libingan at pumasok sa bayan, at nagpakita sa mga tao doon sa kalsada. Hallelujah! Hayan nga!

<sup>419</sup> Ngayon, pero ang Kanyang katawan. . . Habang ang Kanyang kaluluwa ay narito na nagpapatotoo sa mga ligaw, noong narito't kinukuha ang mga susi mula sa diyablo, at bumalik at dinala sina Abraham at Isaac; ang Kanyang kaluluwa ay nakahimlay sa. . . o ang Kanyang kaluluwa ay naroon na ginagawa ito, at ang Kanyang katawan naman ay nakahimlay roon sa libingan. Yan ang dahilan kung bakit sinabi ni Jesus. . . Sinasabi ng mga tao, "Buweno, bakit sinasabi ni Jesus, 'Tatlong araw, Akin itong ibabangon. Tatlong araw Ako'y babangon.'? Namatay Siya—namatay Siya nang Biyernes ng hapon, bumangon nang Linggo ng umaga."

<sup>420</sup> Pero tingnan n'yo nga, 'yun nga'y "sa loob ng tatlong araw," kung kukunin n'yo sa lexicon. Dahil nalalaman Niya na si David, sa ilalim ng pahid (sa pahid ng Espiritu Santo), ang sabi'y, "hindi Ko titiisin ang Aking Banal na makakita ng kabulukan." Alam Niya na pumapatungkol 'yun sa Kanya. Alam Niya na Siya ang pinapatungkulan nun. Siya ang Banal na Yaon ng Diyos, at alam Niya na ang kabulukan ay nag-uumpisa matapos ang pitumpu't dalawang oras. Sa loob ng tatlong araw na 'yun, Siya'y lalabas dun muli, dahil hindi maaaring ang Mga Kasulatan ay mabali.

<sup>421</sup> At bawat pangako Doon ay pumapatungkol sa akin at pumapatungkol sa inyo, ito'y sa atin!

<sup>422</sup> Sabi Niya, "Wasakin n'yo man ang katawan na ito, heto't ibabangon Ko ito sa loob ng tatlong araw." Dahil sinabi Niya,

“hindi Ko iiwan ang Aking kaluluwa sa impyerno, ni titiisin na ang Aking Banal na Yaon ay makakita ng kabulukan.”

<sup>423</sup> Alam Niya, na sa loob ng tatlong araw yaong katawan na 'yun ay lalabas mula dun. Hindi Siya namalagi dun nang tatlong buong araw. Hindi, po, tunay na hindi Siya nanatili roon. Nanatili lang Siya mula Biyernes ng hapon hanggang mag-Linggo ng umaga, na wala ni isang selyula ng katawan na 'yun ang nabulok.

<sup>424</sup> At Siya nga'y patay, at inembalsamo, at nakahimlay. . . o nababalot ng tela, at inihimlay sa loob ng isang libingan. Sa mainit, na latiang bayan na 'yun, na kaunting oras lang haya't mabubulok na Siya. Dumadaan ka sa pagka- . . . pagka-agnas, alam n'yo, ang katawan ng tao, ang ilong ng tao'y nalulusaw at mga bagay-bagay, pumapasok ang kabulukan; sa mainit, na mamasa-masang bayan na 'yun. At tutugaygay at tutugaygay nga 'yun sa kabulukan, dahil katawan 'yun. Pero alam Niya, bago tuluyang mabulok ang selyula na 'yun, na sinabi ng Diyos sa pamamagitan ni David na propeta, “Hindi Ko titiisin na ang Aking Banal na Yaon ay makakita ng kabulukan.”

<sup>425</sup> Ganoon nga mismo na Kanyang ginamit ang Salita ng Diyos at namuhay sa pamamagitan Nito! Ngayon, bawat isa sa mga pangako na 'yun dun na pumapatungkol sa Kanya, haya't tinupad ng Diyos ang bawat isa nun. At bawat pangako na pumapatungkol sa mananampalataya, tutuparin ng Diyos ang bawat pangako Nito. Amen. Maglumagak lang kayo sa kasiguraduhan na Ito ang Katotohanan. Amen. Kaya, ang Kanyang kaluluwa. . .

**Sa palagay n'yo po ba. . . Hindi po ito, pasensya na po. Nasaan po ang Espiritu ni Jesus noong tatlong araw na ang Kanyang katawan ay nasa libingan?**

<sup>426</sup> Ang Kanyang Espiritu ay nasa impyerno, doon sa kababababaang dako; at Siya'y bumangon. At marahil may idadagdag lang ako ritong munting—munting pahayag na marahil makakatulong sa inyo nang lubos. Noong Siya'y bumangon, ang Kanyang. . . Noong Siya'y magbangon mula sa patay, hindi pa Niya ganap na tapos ang gawa ng pagtutubos. Ganoon nga. Kinakailangan Niyang linisin ang buong 'yun. Nabayaran na ang halaga, pero 'yung labis na pagkatakot tungkol sa impyerno, yaong labis na pagkatakot sa libingan. . . At dito, noong Siya'y—noong Siya'y mamatay, nagpatuloy Siya. Hindi Siya tumigil sa pagkilos noong mamatay Siya, nagpatuloy Siya sa pangangaral! . . . ? . . . Pasensya na po sa medyo masagwa kong pagkilos, siyanga, pero hindi nga Siya kailanman huminto!

<sup>427</sup> Hinding-hindi ka nga paparam! Marahil ang inyong katawan ay mamamahinga nang kaunti, pero ibabangon ito ng Diyos, ipinangako Niya na gagawin Niya. Pero hindi nga kayo paparam kung papaano nga na ang Diyos ay hindi paparam.



Ganoon nga. Tingnan n'yo, ang Kanyang. . . matapos na Siya'y mamatay, sa. . . patay sa mga alagad. Siya'y tulog noon, ganoon nga ang kalagayan Niya. Siya'y pinatulog nila; kagaya nung nabanggit Niya tungkol kay Lazaro, "Gigisingin ko siya." Talagang gigisingin Siya noon ng Diyos.

<sup>428</sup> Tingnan n'yo, dumiretso Siya roon, itinuloy Niya ang pangangaral. At nangaral Siya sa mga kaluluwa roon sa bilangguan. Buweno nagtungo mismo sa impyerno, kinuha ang mga susi mula sa diyablo. Bumalik doon sa taas at nangaral uli sa Paraiso, at nagbangon mag-uli sa ikatlong araw. Dinalaw ang Kanyang mga alagad nang apatnapung araw, at sa dulo ng ika-apatnapung araw, umakyat na Siya; dahil, lahat ng lumulukob sa atin, mga pamahiin at lahat na ng iba pa. . . Pinutol niya ang bawat pamahiin, bawat pagdududa, at nagsagawa ng pila para sa pananalangin mula sa lupa patungong Kaluwalhatian sa Kanyang pag-akyat. Umakyat at naupo sa kanan ng Kanyang Karangalan. Mapanagumpay! Ang Dakilang Mananagumpay, walang pasubali. Hindi Siya kayang hawakan ng kamatayan! Hindi Siya kayang hawakan ng impyerno! Hindi Siya kayang hawakan ng lupa!

<sup>429</sup> Noong narito Siya sa lupa, ibinigay sa Kanya. . . Nagtungo Siya sa pinaka mababang bayan at sa pinaka mababang mga tao, at binigyan ng pinaka mababang pangalan. Ganoon ang ginawa ng tao sa Kanya. Nagtungo Siya sa Jerico, na pinaka mababang bayan. Ang pinaka mababang tao roon ay umakyat ng puno para tingnan Siya pababa. Sa ganoong kalagayan Siya inilagay ng tao. Siya nga'y hamak na tagahugas ng paa, pinaka mababang trabaho na maibibigay. Siya'y naging pinaka mababa. At binansagan Siya ng pinaka mababang pangalan na maibibigay, *Beelzebub*, "ang prinsipe ng mga diyablo." Binigyan Siya ng tao ng pinaka mababang pangalan, pinaka mababang dako, at dinala Siya sa kababa-babaang dako ng pinaka mababang impyerno.

<sup>430</sup> Itinaas Siya ng Diyos at pinadala Siya sa Pinaka Mataas na Kalangitan, at binigyan ng isang Pangalan na pinaka mataas sa lahat ng pangalan. Hallelujah! Anupa't, kakailanganin Niyang tumunghay pababa para makita ang Langit. Ang Iyong Luklukan ay itinaas sa ibabaw ng mga langit ng Langit. At ang pinaka dakilang Pangalan na maipapangalan sa Langit man at lupa ay marapat lang na. . . mailaan sa Kanya. Yun ang ginawa ng Diyos sa Kanya. Ang tao'y inilagay Siya sa pinaka mababa, at ang Diyos nama'y ginawa Siyang Pinaka Mataas. Hayun nga Siya, mula sa pinaka mababa't pinaging, Pinaka Mataas.

<sup>431</sup> Siya'y pinaging pinaka mababa nang sa gayon maitaas Niya tayo sa Pinaka Mataas. Siya'y naging tayo, nang sa gayon sa pamamagitan ng Kanyang biyaya tayo'y maging Siya, mga anak ng Diyos. Doon nga Siya nagtungo. Amen! Pagpalain ang Kanyang Pangalan. Gumawa Siya ng daan nang sa gayon

makatungo, rin tayo, balang araw, “Sapagkat Ako’y nabubuhay, kayo rin naman ay mabubuhay.”

<sup>432</sup> Oh, hindi nga nakapagtataka . . . Noong mahagip ng tao ang pangitain na ’yan, wala ngang tao ang makapagpapaliwanag nito. Sinubukan nilang ipaliwanag ito, pero di maapuhap ng isipan nila; heto nga ang dakilang awitin na ito: “Oh, pag-ibig ng Maykapal, dalisay at maringal! Di kayang huluin ni kaya mang gibain!” Yung huling talata . . . o sa tingin ko sa unang talata, doon nga: “Kung ang lahat ng mga dagat ay pupunuin ng tintang panulat, At ang kalangitan naman ay yagong papel na paglalaman; . . .” Alam n’yo ba kung saan ’yun natagpuan? Nakasulat sa isang baliw . . . sa pader ng isang institusyon para sa mga baliw. Walang tao ang kailan-kailanman makakapagpaliwanag sa Pag-ibig ng Diyos. Oh, hindi nga ito maisasaysay, itong bagay na ginawa Niya para sa atin. Naku, papaano nga kayo makakapagbida ng sariling gawa roon? Ito’y dahil sa Kanyang biyaya, mula sa simula hanggang wakas. Ako’y ligaw, tapos na, at walang magawa, walang maidudulot na mabuti, walang kuwenta, at Siya sa pamamagitan ng Kanyang biyaya’y dumating at iniligtas tayo. Oh, grabe. Yun ang Kanyang . . . Yan ang aking Panginoon. Yan ang Kanyang pag-ibig, ’yan ang Kanyang kabutihan.

<sup>433</sup> Ngayon may pitong minuto na lang tayo at may labing-limang tanong pa rito at . . .

**62. Naniniwala ba kayo na tama para sa kababaihan na gumawa ng personal na trabaho sa labas ng simbahan?**

<sup>434</sup> Opo. Yan po ang tanong, isang . . . hindi po ito tanong sa kasulatan, pero . . . Tunay, naniniwala ako. Oo, naman, lahat po tayo’y mga manggagawa. Ang mga kababaihan man ay may sarili nilang puwesto, at tunay na mayroon sila. Oo, naman. Gawin n’yo lang ang personal na trabaho na magagawa n’yo, at pagpapalain kayo ng Diyos dahil dito.

Buweno, ngayon tingnan natin ito:

**63. Pakipaliwanag po ng trinidad. Papaano po na ang Anak ay nakaupo sa kanan ng Ama, na namamagitan para sa . . . sa Ama, kung hindi sila dalawang persona?**

<sup>435</sup> Buweno, minamahal na kaibigan, ’yan po’y . . . ’yan—’yan po’y isang kapahayagan. Kung sinabi ni Jesus na, “Ako at ang Aking Ama ay Isa,” papaano sila magiging dalawa? Kita n’yo? Ngayon, di po sila dalawa.

<sup>436</sup> May babae po na nagsabi sa akin minsan, at ipinapaliwanag ko ito noon, ang sabi, “Ikaw at ang asawa mo ay—ay dalawa, pero kayo’y isa.”

<sup>437</sup> Sabi ko, “Pero, ang Diyos at ang Anak ay hindi katulad n’yan, kita mo.” Sabi ko, “Nakikita mo ba ako?”

“Oo.”

“Nakikita mo ba ang asawa ko?”

“Hindi.”

438 Sabi ko, “Kung ganoon, ang Ama at ang Anak ay iba; sabi ni Jesus, ‘Kapag nakita ninyo Ako, nakita na ninyo ang Ama.’” Kita n’yo?

439 Ang Ama at ang Anak...Ang Ama ay ang Pinaka Makapangyarihan sa lahat na Jehovah (Diyos) na nananahan sa isang tabernakulo na tinatawag na Jesus Cristo, na siyang pinahiran na Anak ng Diyos. Si Jesus ay isang Tao, ang Diyos ay isang Espiritu. At walang tao ang nakakita sa Diyos kahit kailan, pero yaong nag-iisa na nagbuhat sa Ama ang nagdedeklara sa Kanya. Siya ay...Siya...ang Kanyang personalidad, ang Kanyang pagka-Siya, Kanyang pagka-Diyos, Kanyang pagkano, haya’t Siya ay Diyos! Walang labis walang kulang na Siya’y Diyos. Gayong, Siya ay isang Tao. Isa Siyang Tao, isang bahay na pinanahanan ng Diyos. Tama, Siya ang dakong pinanahanan ng Diyos.

440 Ngayon, kung gusto n’yo ng mga Kasulatan tungkol diyan: Kapatid na Neville, ibuklat mo nga ako sa San Marcos 14:62. At Kapatid na babaing Wood, ibuklat mo ako sa Mga Taga-Efeso 1:20. Mayroon pa po bang iba na may Biblia? Buweno, itaas n’yo ang kamay n’yo. Kapatid na babaing Arnold, mayroon ka ba riyan sa likod? Sige, ibuklat mo ako sa Mga Gawa 7:55. Sige. Marcos 14:62, Kapatid na Neville; at si Kapatid na babaing Wood ay sa Mga Taga-Efeso 1:20; Mga Gawa 7:55, kay Kapatid na babaing Arnold.

441 Sige, nandiyan ka na po ba, Kapatid na Neville? Sige po, basahin mo na ngayon. [Binabasa ni Kapatid na Neville ang Kasulatan—Pat.]

*[At sinabi ni Jesus, Ako nga: at makikita ninyo ang Anak ng tao na nakaupo sa kanaan ng kapangyarihan, at pumaparito na nasa mga alapaap ng langit.]*

442 Buweno, ngayon, masdan n’yo ’yung unang parirala diyan, ,abi ni Jesus, “AKO NGA.”

443 “AKO NGA.” Sino si AKO NGA? Wala ngang sinumang tao sa buong mundo ang makakapagpaliwanag Nito. Maski ang... kayo na mga nagbabasa ng mga lexicon at iba pa, wala ngang sinumang tao kahit kailan ang nakapagpaliwanag nun...Nung J-v-h-u. At maski ang mga iskolar na Hebreo’y hindi nila Ito mabigkas. Yung nag-aapoy na kahoy na ’yun dun, noong araw na ’yun na makipagtagpo Siya kay Moises, Yun nga’y J-v-h-u. Kaya ang bigkas nila Rito “J-o-h, Jehovah,” pero hindi nga Ito “Jehovah.” J-v-h-u, kita n’yo, walang nakakaalam.

444 At sasabihin n’yo, “Buweno, maging si Moises ay di niya Ito mawari.”

445 Sabi niya, “Sino ang sasabihin ko?”

446 Sabi Niya, “Sabihin mo, ‘AKO NGA’ ang nagsugo sa iyo. AKO NGA.”

447 Ngayon masdan n’yo, ang AKO NGA ay nasa pangkasalukuyan, hindi “Ako noon” o “Ako sa hinaharap,” AKO NGA. Ngayon, ang sabi Niya, “Ito’y magiging alaala sa lahat ng mga henerasyon: AKO NGA.”

448 Ngayon tingnan n’yo nga rito si Jesus na nakatayo sa dako rito sa kapistahan na ’yun noong araw na ’yun. Sabi nila, “Nalalaman namin na baliw ka.” Sa disentang salita, “Wala ka sa tamang pag-iisip.” (ang ibig sabihin ng *wala sa tamang pag-iisip* ay “baliw.”) “Nalalaman namin na baliw ka. Isa kang Samaritano, inaalihan ka ng diyablo.” (San Juan, sa ika-6 na kabanata) At sabi nung tao, “Ngayon, sinasabi mo na iyong. . . nakita mo na si Abraham, at wala ka pa namang limampung taong gulang?” (Marahil matanda Siyang tingnan sa edad Niya, pero Siya nga’y tatlumpung taon lang noon, anupa’t dahil sa trabaho Niya.) Sabi, “Ang ibig mo bang sabihin ikaw na hindi pa nga lampas ng limampung taong gulang, haya’t sasabihin mo na ‘nakita mo na si Abraham’? Nalalaman na namin ngayon na nababaliw ka.” Kita n’yo?

Sabi Niya, “Bago pa si Abraham ay, AKO NGA.”

449 “AKO NGA,” Siya yaong dakilang AKO NGA. Heto Siya na sinasabi sa mga Judio uli, kita n’yo, “AKO NGA! At kapag nakita n’yo na Ako na pumaparoon na sa kanan ng kapangyarihan, . . .” Tama po ba?

450 Basahin mo nga uli, kapatid. [Binabasa ni Kapatid na Neville ang Kasulatan—Pat.]

[. . . *kapag makikita ninyo ang Anak ng tao na nakaupo sa kanan ng kapangyarihan, at pumaparito na nasa mga alapaap ng langit.*]

451 Basahin mo ’yang nasa iyo riyang, Kapatid na babaing Wood. [Blangkong bahagi sa teyp. Sinasabi ni Kapatid na babaing Wood, “Mga Taga-Efeso 1:20?”—Pat.] Tama, po. [Binabasa ni Kapatid na babaing Wood ang Kasulatan.]

[*Na kaniyang ginawa kay Cristo, nang ito’y kaniyang buhaying maguli sa mga patay, at pinaupo sa kaniyang kanan sa sangkalangitan.*]

452 Sige, basahin mo naman ’yung sa iyo, kapatid na babae. Tingnan n’yo, parehas lang Ito. [Binabasa ni Kapatid na babaing Arnold ang Mga Gawa 7:55—Pat.]

[*Datapuwa’t siya, palibhasa’y puspos ng Espiritu Santo, ay tumitig na maigi sa langit, at nakita niya ang kaluwalhatian ng Dios, at si Jesus na nakatindig sa kanan ng Dios.*]

453 Ngayon, nakita n’yo, si Je- . . . Hindi ibig sabihin n’yan na ang Diyos ay may malaking kanang kamay, kita n’yo, at si Jesus

ay nakatayo sa Kanyang kanang kamay. Ang ibig sabihin ng *kanang kamay* ay “ang kapamahalaan.” Kita n’yo? Halimbawa na lang, ano kaya kung—ano kaya kung halimbawa may buong kapamahalaan ako sa iglesya, o isa akong obispo o parang ganun, at humalili si Kapatid na Neville sa lugar ko, siya nga ang aking kanang kamay. Kita n’yo, ang ibig sabihin n’yan siya’y . . . siya’y nasa kanan ko.

<sup>454</sup> Ngayon, si Jesus ay nasa kanan ng Kapangyarihan. Ngayon, ’yan ang sabi Niya, dito sa Mga Taga-Efeso, noong ipinapaliwanag niya ito, Siya’y nasa kanan ng Kapangyarihan. “Ang lahat ng mga kapangyarihan sa Kalangitan at lupa” (Sabi Niya, matapos ang Kanyang pagkabuhay na mag-uli) “ay ibinigay sa Aking mga kamay. Nasa Akin ang lahat ng kapangyarihan sa Kalangitan at lupa. Humayo kayo at magturo sa lahat ng mga bansa, bautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, at ng Anak, Espiritu Santo, ituro n’yo sa kanila na sundin ang lahat ng mga bagay na inutos Ko sa inyo; narito, Ako’y sumasa inyo sa tuwina, hanggang sa dulo ng mundo.”

<sup>455</sup> “Lahat ng kapangyarihan sa Kalangitan at lupa.” Saan ’yan . . . Kung may isa pang diyos dun na nasa tabi Niya, ang diyos nga na ito’y walang kapangyarihan. Kita n’yo, hindi kasi maaaring may iba pang Diyos. “Ang lahat ng mga kapangyarihan ng Kalangitan at lupa” ay naroon sa Kanyang kamay. Kaya, nakita n’yo, “Nakatayo Siya sa kanan,” (gaya ng tanong nung nagtanong), hindi ibig sabihin . . .

<sup>456</sup> Ngayon tingnan n’yo, yaong katawan . . . Ang Diyos ay isang Espiritu. Siyanga, ilan po ang nakakaunawa riyang? Magsabi ng, “Amen.” Ang Diyos ay isang Espiritu, si Jesus ay isang Tao, at si Jesus ay Diyos na nagsalaman. Si Jesus ay . . . Hindi nga natin makikita ang Diyos, kita n’yo, Siya’y isang Espiritu. Hindi n’yo makikita ang espiritu. “Walang sinumang tao ang nakakita sa Diyos kahit kailan.” Walang tao ang makakakita sa Diyos.

<sup>457</sup> At hayaan n’yong sabihin ko ito, “Hindi ninyo Ako nakita kahit kailan.” Hindi ninyo ako nakita sa buong buhay n’yo, at hindi n’yo ako makikita kailanman. Ganoon nga. Ang nakikita n’yo ay itong katawan na inihahayag ang personang ito, na narito sa loob. Ngayon, ang katawan na ito’y walang Buhay na Walang Hanggan, pero ang espiritu ay may Buhay na Walang Hanggan. Itong katawan na ito ay babalik, pero ito nga’y babalik uli sa kung anong wangis nito, gaya ng butil ng trigo na ipinunla sa lupa. Ang Cristianismo’y nakabase sa pagkabuhay na mag-uli, hindi pagpapalit. Pagkabuhay na mag-uli; ang siya ring Jesus na inihimlay, ay ang siya ring Jesus na bumangon. Kung nahimlay ka na pula ang buhok, babangon ka na pula ang buhok; kung nahimlay ka na itim ang buhok, babangon ka na itim ang buhok. Kita n’yo, isa ngang pagkabuhay na mag-uli.

458 Kapag kayo nga'y kumakain... Nagtanong nga ako sa doktor, di pa katagalan, Sabi ko, "Bakit noong labing-anim na taong gulang ako... Sa tuwing kakain ako, pinapanauli ko ang buhay ko?"

459 Sabi, "Tama 'yun."

460 Tumatanggap ka ng bagong—bagong mga selyula sa tuwing kayo ay... 'yung—'yung laman ay gumagawa... o 'yung pagkain ay gumagawa ng mga selyulang dugo, at 'yung selyulang dugo na 'yun ang nagbubunsod sa inyo na maging mas malakas. Sa ganyang paraan kayo nabubuhay. Tapos, may bagay nga na kailangang mamatay sa tuwina, upang kayo ay mabuhay. Araw-araw, may namamatay: kapag kumakain kayo ng karne, namamatay ang baka; o kung anuman ito na kinakain n'yo; at namamatay ang isda; o 'yung—o 'yung trigo ay namamatay, para maging tinapay; namamatay 'yung patatas, para magbunsod ng patatas; at 'yung... bawat anyo ng buhay; mabubuhay lang kayo sa pamamagitan ng patay na substansya.

461 At maaari ka lang mabuhay nang Walang Hanggan dahil may namatay: si Jesus. Hindi dahil sa umanib ka sa iglesya, hindi dahil sa nagpabautismo ka, hindi dahil sa sinasabi mo na Cristiano ka; kundi dahil tinanggap mo ang Buhay ni Jesus Cristo na nagbubo... Dugo na binubo para sa iyo, at tinanggap mo Siya bilang iyong sariling Tagapagligtas.

462 Ngayon, pansinin, heto ang tanong ko. Gusto kong itanong ito sa *inyo*. Tingnan n'yo ito, ang ganda nito. Marahil naituro ko na ito noon (di ko maalala) dito; maraming lugar ako na pinapangaralan, minsan nakakalimutan mo talaga kung nasabi mo na ito sa isang... sa isang partikular na lugar. Pero, bakit nga, kung ganoon...

463 Ngayon, sa palagay ko, si Kapatid na babaing Smith... Di ko lang maalala kung kakilala ko na noon si Kapatid na Fleeman o hindi pa. At si Tryphena, naalala ko siya noong maliit na bata pa siya. Naalala mo, noong ano pa ako dati... munti't, maliit, may kalakihan ang katawan; itim, at paalon ang buhok. Nagbo-boksing ako dati. Oh, iniisip-isip ko noon na suwabeng-suwabe ako gumalaw. "Oh," sa isip-isip ko, "walang makatatalo sa akin. Haya't, wala." Pero ako—ako nga'y nalinlang nun, kita n'yo. Pero ako... Ngayon, sa isip-isip ko noon, "Oh, naku." Sa isip-isip ko, "Kung ikakarga mo 'yang bagay na 'yan sa likod ko, makakapaglakad ako diyan sa kalsada pasan-pasan ito." Siyanga, walang makakapag paatras sa akin. At sa tuwing kumakain ako noon, lumalaki at lumalaki ako sa tuwina. Sa tuwing maglalagay ako ng bagong buhay sa... Kumakain ako noon ng repolyo, patatas, at mga garbansos, at karne, kung papaano nga na kumakain pa rin ako ng mga ito ngayon. At ako nga'y lumalakas at lumalaki sa tuwina noon. At noong sumapit na ako sa edad na dalawampu't lima...

<sup>464</sup> Kung tutuusin mas malakas pa nga ako kumain ngayon kaysa noon, kayo na nakakakilala sa akin, alam n'yo 'yan. Mas marami akong kumain ngayon, lahat nga tayo. Pero bakit nga, Kapatid na Eagen, kung ganoon, kung mas marami akong kumain ng pagkain ngayon, mas marami, mas maraming bitamina at lahat na. . . At kaso sa tuwing kumakain ako nang mas marami, mas lalo akong nanghihina unti-unti. At ngayon nagiging matanda't kumukuba na ang balikat ko, nakakalbo, at nag-uuban, at nangungulubot ang mga kamay, lumulubog ang mukha, humuhukot ang balikat, na may mga umaga na mahirap bumangon, at. . . Oh, naku. Bakit ganoon? Kung pinapanauli ko ang buhay ko sa tuwing kumakain ako, bakit ganoon?

<sup>465</sup> Kung ihahalintulad nga sa pagbubuhos ng tubig mula sa isang pitsel papunta sa isang baso, at nangangalahati 'yun, at unti-unti nga 'yung bumababa sa halip na tumataas; at marami man akong ibuhos, mas mabilis pa ngang nauubos. Hayan nga. At di n'yo 'yun mapapatunayan batay sa siyensiya kung kailangan n'yo man. Itong Aklat na ito ang tanging bagay na nagpapatunay na may itinalaga ang Diyos; isa itong pagtatalaga, nakita ng Diyos na humahantong tayo.

<sup>466</sup> Kayo na nakatatandang lalaki, at kayo na nakatatandang babae, marahil ang ilan sa inyo'y ang inyong—inyong asawang lalaki at inyong asawang babae ay yumao na. Hindi 'yan—hindi 'yan makakapagligalig. Hallelujah. Sila kasi'y nandun lang sa kabila ng tabing, naghihintay; tunay. At nag-aasam sila na makapiling kayo muli. Ganoon nga, tunay, sila nga. Nag-aasam sila na makapiling muli. Sinabi ng Biblia na sila'y, ang mga kaluluwa sa ilalim ng dambana na umiiyak, "Panginnoon, gaanong katagal?" Kita n'yo? Wala sila sa tama nilang kalagayan.

<sup>467</sup> Hindi tayo nilikha ng Diyos na mga Anghel, ginawa tayo na mga lalaki't mga babae. Tayo'y mga lalaki't mga babae sa tuwina, dahil tayo'y isang—isang produkto ng sariling kaalaman ng Diyos. Tayo'y mga lalaki't mga babae sa tuwina.

<sup>468</sup> Pero anong kasunod? Kita n'yo, marahil iniisip n'yo noong lumakad kayo sa altar, ikaw at ang asawa mong lalaki, nagsabihan na kukunin ang isa't isa na maging mag-asawa ayon sa batas at mabuhay nang magkasama sa isang banal na seremonya nitong pagkakasal, at heto ang—ang mga biyaya ng Diyos at lahat na, at lahat ng mga patotoo na inyong pinapatotoo, at ang pangako n'yo na inyong binitawan. Malalaman n'yo na lang, unti-unti n'yong mapapansin, kapwa kayo. Siya nga'y tuwid ang tindig, at makintab ang buhok; at hayan si nanay at ang mapupungay niyang, munting mga tsokolateng mata, o asul na mata, o kung anuman ito. Oh, ganoon na lamang ang pagtingin n'yo sa kanya. Lalakad kayo, titingnan mo ang tatay, "Ngayon, tuwid ang mga balikat"; at makalipas lang ang sandali nagsisimula nang humukot. Si nanay nama'y

nag-uuban na, sumusumpong ang arthritis at kung ano pa. At kaunting panahon lang, yayao na si nanay, o yayao na si tatay.

469 Ano 'yun? Noong makita ng Diyos na nakatayo kayo roon, ang sabi Niya, "Heto nga ito, ito 'yung paraan na nais ko sa iyo. Buweno sige. Kamatayan, makakapasok ka, pero hindi mo nga sila makukuha hanggang sa pahintulutan Ko."

470 Oh, oh, naiisip ko nga si Job. Siyanga, nakatunghay pababa ang Diyos, alam ni Job na mahal siya ng Diyos. (At pansinin n'yo na hindi kayo makukuha ng kaaway.) Sabi Niya, "Sige't kunin mo siya sa iyong kamay, pero huwag mong kunin ang kanyang buhay."

471 At malalaman n'yo na lang, huhukot na ang mga balikat, at kaunting panahon lang yayao ka na. Ano 'yung pangyayari na 'yan?

472 Ngayon, sa pagkabuhay na mag-uli wala na nga ni isa mang bagay na sasagisag sa kamatayan. Hindi nga maaari na may isang bagay man dun na sasagisag sa sanlibutan na ito, na kung anong. . . Kita n'yo, kayo nga'y lumaladak sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos, may buhay kayo. Pagkatapos papasok ang kamatayan, para ihimlay kayo. Parehong pagkain naman ang kinakain at lahat, umiinom ng siya ring klase ng tubig, lahat; pero pumapasok pa rin ang kamatayan. Pero nakuhanan ka na ng litrato. Hallelujah! Sa pagkabuhay na mag-uli kayo'y mabubuhay uli. At wala nang kamatayan, o anumang kahawig ng kamatayan, o pagtanda, o pagkalumpo o anuman. Imortal na, tayo nga'y titindig sa Kanyang wangis, sakdal magpakailanman. Hallelujah. Oh, ako. . . Maibubunsod nga n'yan ang sinuman na mapasigaw, lalo na kung umabot na kayo sa edad ko.

473 Ito pong edad ko, sa palagay ko, kung inyo pong, iisipin, nang husto. Nandun na kayo sa punto na marami nang nagbabago talaga, kita n'yo. Yung. . . Magsisimula na kayong mapaisip, "Ano ba ito lahat? Ano na bang nagawa ko?" Binabalikan ko nga roon, sa isip-isip ko, "Naku, grabe! Buweno, saan na ba siya humantong, Panginoon? Heto ako, apatnapu't walong taong gulang na, dalawang taon na lang, kalahati na ako ng sandaan. Whew! Ako pa lang ay. . . Anupa't kakaunting mga kaluluwa pa lang ang naakay ko; nais ko sanang mag-akay ng milyun-milyon pa." Diyos, tulungan Mo ako.

474 Nahihiya nga ako sa sarili ko na umuwi para magbakasyon. Inisiip, "Oh, hinog na ang aanihin, at kakaunti ang mga trabahador. Milyun-milyon ang lugmok sa kasalanan at kahihiyang na namamatay araw-araw, Iyo pong pakinggan ang kanilang daing." Sa paghiga ko sa highaan tuwing gabi haya't naririnig ko ang kaawa-awang mga munting mga hetano na umiiyak sa malalayong lupain. Ganoon nga na libo-libo ang kanilang bilang, hinahanap-hanap ako, at—at nakatayo sila roon sa may paliparan kung saan may mga hukbo ng mga sundalo



dun na pinipigilan silang makalapit, samantalang naroon sila para makapakinig sa kuwento ukol kay Jesus Cristo.

<sup>475</sup> At heto tayo na magagawa nga nating humiling, at ianunsyo sa pahayagan at lahat na, at rentahan ang pinaka maiinam na mga lugar para ang mga taong ito'y paupuin, pinaka mainam ang pang-aaliw na may maiinam na awitan, magpupunta nga sila at, “*Ahhh!* Buweno, sa palagay ko ayos lang naman, kaso hindi naman kaanib sa pananampalataya ko ang mga ito.”

<sup>476</sup> Oh, naku, gaano—gaano—gaano pang kahaba ang itatagal? Hindi na . . . hindi na tama. At heto tayo na tinatapon ang sandaang makabilyong tonelada ng pagkain sa basurahan, at silang mga tao roon ay masaya sanang tatanggapin ang mga ito. At sila'y mga nilalang din ng lupa kagaya natin. Grabe, tayo . . . Buweno, hindi maaaring tumagal pa ang ganoong asal.

<sup>477</sup> Buweno, ngayon, Sino ang Ama? Ang Ama at ang Anak ay Isa. Masdan n'yo, sa Unang Juan 5:7, sabi Nito, “Tatlo ang sumasaksi sa Langit, ang Ama, ang Salita (na ang Anak nga) . . . Ama, Anak, at Espiritu Santo: ang tatlo na ito'y Isa.”

<sup>478</sup> “Tatlo ang sumasaksi sa lupa, itong tubig, dugo, at Espiritu.” Yan 'yung tatlong sangkap na nanggaling sa katawan ni Cristo. Tinusok nila ang tagiliran Niya: lumabas ang tubig, lumabas ang Dugo, “Sa Iyong mga kamay itinatagubilin Ko ang Aking Espiritu.” Hayan nga, 'yan ang tatlong sangkap. Itong tatlong ito ay hindi isa, pero sila'y *nagkakaisa*.

<sup>479</sup> Ama, Anak, at Espiritu Santo; Unang Juan 5:7, ang sabi, “Itong tatlo na ito *ay* Isa.”

<sup>480</sup> “Tubig, dugo, at ang Espiritu'y *nagkakaisa*.” Hindi Isa, kundi *nagkakaisa*. Kaya ang Ama . . . At ang tanging bagay na gagawin ng katawan, na tinitingnan ng Diyos sa Kanyang Sarili, na sa pamamagitan ng mga pagpapahirap na pinagdaanan ng katawan na ito, hayun ang namagitan . . . ang pumagitan doon, kita n'yo. Doon nung makita Niya ang Dugo na nakatayo roon sa pagitan Niya at ng kahatulan. Heto ang Kanyang Salita, sabi, “Sa araw na kainin ninyo yaon, ay ang araw na mamamatay kayo.” At dito'y sinabi ni Jesus, “Ako . . . Pero humalili Ako sa lugar nila. Kita n'yo, humalili Ako sa lugar nila.”

<sup>481</sup> Naalala n'yo 'yung naikuwento ko nung isang gabi kung saan may nakita akong pangitain ukol dun sa babae na napariwara na nandun sa silid na 'yun doon? At hinahatulan ko na siya, sabi, “Diyos, bakit hindi Mo na lang po pasambulat in ang lugar na ito?” Pagkatapos ipinakita *ito* sa akin ng Diyos, kita n'yo. Pagkatapos lumapit ako dun sa babae at sinabi ko sa kanya kung anong nangyari.

Ngayon, ito na po ang huling tanong sa akin.

**64. Sa palagay mo po ba, batay sa Kasulatan, na ang mga Judio ay . . . tatanggap kay Cristo bago ang Pag-agaw sa Iglesia?**

482 Ako—ako—ako po’y naniniwala na ang Pag-agaw sa Iglesia . . . Sarili ko pong opinyon ito, kita n’yo. At kung may oras tayo sa susunod, hihimayin natin itong maigi, pero ang oras—ang oras ay pasado alas nuwebe na. Tingnan n’yo, naniniwala ako na ang mga Judio’y tatanggap kay Cristo sa ikalawa Niyang Pagparito. Ngayon alalahanin n’yo, nang sa gayon malaman ng nagtanong, haya’t ang ating mga mata’y binulag, o, ang kanilang mga mata’y binulag nang sa gayon tayo’y makakakita. Lahat nama’y nakakaalam, na ’yan ang sinasabi ng mga Kasulatan. Tama po ba? Sinasabi ni Pablo na ang ating . . . na tayo’y binulag . . . o ang mga Judio’y binulag nang sa gayon matanggap natin si Cristo. Kita n’yo? At tayo ’yung ligaw na puno ng igos na isinanib sa pamamagitan ng pagkukupkop doon sa puno.

483 Ngayon heto po ang opinyon ko, sasabihin ko lang po sa inyo . . . Ang tanong nila sa akin, “Sa palagay mo ba . . . ?” Ngayon heto po ang pamamaraan na sa palagay ko’y mangyayari. Di ko po alam. Kung paano man ito, nasisigurado ko na sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos at Kanyang habag, tayo’y paparoon; kita n’yo, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, paano man po ito. Marahil hindi ko maisip nang lubos, pero heto po ang palagay ko. Naniniwala ako na narito na tayo sa huling panahon. Naniniwala ako na ang kapanahunan ng Gentil ay papatapos na ngayon. Naniniwala ako na nalalapit na tayo.

484 At ngayon ang mga Judio; heto po ang dalawang bagay lagi na mali sa mga Judio: Bulag sila, hindi sila makakita; at dahil diyan ang mga Gentil, sa isang bagay na ’yan, maraming beses . . .

485 May nakausap ako na Judio sa Benton Harbor, Kapatid na babaing Smith, at alam mo ba ang sinabi niya sa akin? Doon po raw sa isa sa Israel . . . isa sa mga lugar doon sa Israel. Heto raw ’yung tanong ukol dun sa pagpapagaling sa bulag na lalaki. At sabi niya, “Hindi mo mapaghahati-hati ang mga Judio . . . Hindi mo mapaghahati-hati ang Diyos sa tatlong piraso at ipresenta Siya sa isang Judio; na gawin Siyang Ama, Anak, at Espiritu Santo.” Sabi, “Hindi mo ’yan magagawa sa isang Judio, hindi kami sumasamba sa ibang diyus-diyosan.” Sabi, “Naniniwala kami na isa lang ang Diyos.” Kita n’yo?

486 At kayo nga’y ipagiging n’yo ang Diyos na tatlo: Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo; aba’y siguradong binubulag mo ang isang Judio n’yan, dahil mas alam niya. Mas alam niya. Ibubunsod lang n’yan na kayo’y maging sumasamba sa maraming diyos kung papaano ngang ganoon ang pagsamba sa diyus-diyosan, may tatlo kasi kayong diyos. Kinakailangan mong ipaging ’yun na siyaring Diyos, na hindi tatlong diyos, kundi tatlong katungkulan ng siyaring Diyos. Kita n’yo, ang Diyos ay nagsilbi sa pagiging Ama, Siya’y nagsilbi sa pagiging Anak, at ngayon Siya’y nagsisilbi sa dispensasyon ng Espiritu Santo. Yun nga’y ang siya ring Diyos.

487 Yan ang dahilan kung bakit inatasan tayo na magbautismo sa Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo; dahil, hindi sa pangalan ng isang . . . Sa *Pangalan*, hindi mga pangalan; hindi sa mga pangalan, o sa pangalan ng Ama, sa pangalan ng Anak, sa pangalan ng Espiritu Santo; kundi, “sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo.” Kita n’yo, napagtatanto na ang siyaring Diyos na iyon ay si Cristo. Kita n’yo, dahil ’yun naman talaga Siya, wala ngang ibang paraan. Kita n’yo? At ang Kasulatan na mismo . . .

488 At—at kung ang kapahayagan natin ay mali, kung ganoon si Pedro at ang iba pa sa mga alagad ay nagturo pala ng mali; dahil bawat individuwal sa Biblia’y nabautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Walang isa roon na nabautismuhan sa “Ama, Anak, Espiritu Santo,” Katolikong doktrina po ’yan. Mapapatunayan ko ’yan sa inyo gamit ang sarili nilang mga salita mismo, at sarili nilang mga lexicon at lahat. Isa po ’yang Katolikong kredo at hindi isang—at hindi isang doktrina ng Biblia. At walang sinuman . . .

489 Maski ang Hari ng Inglatera’y binautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. Mga animnaraang taon pagkatapos ang kamatayan ng huling apostol, na noon nga’y hindi pa Inglatera ang tawag, ang tawag pa nga noon ay “Lupain ng Anghel.” Doon nga galing, ’yung pangalan nun. Ang hari’y binautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo.

490 Anong nagpabagong-loob sa kanya, dahil sa isa pong munting maya. Noong . . . Sana po’y maalala ko, hindi po si San Angelo. Ano nga uli ang pangalan niya, po? Agabus, San Agabus, sa palagay ko, di lang po ako sigurado sa pangalan, kung ’yun nga. Pero, heto nga, nagtungo siya roon, at doon nga’y may mga . . .

491 Ang tinawag nila sa kanila ay mga anghel dahil, ’yung mga tao at mga taga-Asiria at iba pa’y maiitim ang balat, at itong mga Ingles ay may mahahaba’t, puti’t, paalon-alon, na olandes ang buhok, mga Anglo-Saxon, alam n’yo, asul ang mata. At sabi nila, “Mukha silang mga Anghel,” at kaya tinawag nila ’yun na “Lupain ng Anghel.”

492 At ’yung—’yung lingkod ng Panginoon ay nagtungo roon at nangaral sa kanilang hari, at nakaupo sila sa isang malaki’t, malawak na dako sa tabi ng apoy. Binabasa ko ’yung kasaysayan nun di pa katagalan. At may munting ibon na lumipad dun sa liwanag at nawala uli, at nagtanong ang hari, “Saan kaya siya galing at saan siya pumunta?” Kita n’yo? “Nagpunta siya rito sa liwanag, at nakita natin siya, at nagbalik siya sa kadiliman. Hindi ba’t ganyan din ito sa tao?” sabi niya.

493 “Pero ano siya bago siya nagpunta rito?” sabi nung mangangaral, kita n’yo. Tumimo ’yun sa hari; at nung sumunod

na araw, siya at ang kanyang sambahayan ay nagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Siyanga.

494 Tapos ano? Ang unang tao na winisikan o nabautismuhan sa ibang paraan sa pangalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo,” ay sa iglesyang Katoliko. Ang unang pagwiwisik na nangyari kailanman, ay sa iglesyang Katoliko. Yung unang pagbubuhos na nangyari kailanman, ay sa iglesyang Katoliko. Ang iglesyang protestante’y laging nagbabautismo...sa Biblia, ang mga alagad, sa pamamagitan ng paglulubog sa Pangalan ni Jesus Cristo. Sa lahat ng dako po. Sige’t maghanap nga kayo ng isang dako man na iba ang ginawa nila, kita n’yo.

495 Ngayon, dito, dito sa dakilang panahon na ito, ang mga Judio’y hindi nga...Tinanong ko ‘yung rabi, sabi ko, “Rabi, mahihirapan po ba kayong paniwalaan ang mga propeta?”

496 Sabi niya, “Naniniwala ako sa mga propeta.”

497 Sabi ko, “Sa Isaias 9:6, ano pong ibig niyang sabihin dun, ‘Sa atin ay ipinanganak ang isang Bata?’ Sino ba ang pinapatungkulan niya roon?”

498 Sabi niya, “Pinapatungkulan niya ang Mesiyas.”

499 Sabi ko, “Kung ganoon ang Mesiyas ay ipapanganak?”

500 “Oo, ipapanganak Siya.”

501 Sabi ko, “Kung ganoon kung Siya’y ipapanganak, ibig sabihin Siya...may nanay Siya kung ganoon.”

502 “Oo, kinakailangan na may nanay Siya. At kinakailangan na may tatay rin Siya, hayan nga,” sabi niya.

503 Sabi ko, “Dapat lang. At mahirap po ba para sa iyo na paniwalaan na hindi ba’t kung...ang Diyos na Dakilang Jehovah Na naghati ng Dagat na Pula, ay hindi maaaring Siya ang magsilang nitong Bata na ito sa pamamagitan ng imakuladang kapanganakan?” Kita n’yo? Hayan nga.

504 Sabi niya, “Pero hindi mo kasi Siya maaaring ipaging tatlong diyos.”

505 Sabi ko, “Hindi Siya tatlong diyos.” Sabi ko, “Anong relasyon ng Mesiyas sa Diyos?”

506 Ang sabi niya, “Siya ay magiging Diyos.”

507 Sabi ko, “Ngayon nakukuha mo na. Ngayon nakukuha mo na, Siya nga ay Diyos.” Ganoon mismo.

508 Tapos pilit na sinasabi niya sa akin, sabi, “Buveno, ang taong ito’y isang magnanakaw, itong si Jesus na taga-Nazaret. Isa siyang magnanakaw.”

509 Sabi ko, “Rabi, papaano Siyang naging isang magnanakaw?”

510 “Buweno,” sabi niya, “diyan mismo sa inyong mga kasulatan ang sinasabi na ‘Nagtungo Siya sa isang taniman ng mais isang araw ng Sabbath, at kumuha ng mais.’”

511 Sabi ko, “Ngayon, rabi, mas maalam po kayo. . . mas alam n’yo ang tungkol sa Kasulatan na ’yan. Sinasabi ng sarili n’yong kasulatan na legal ’yun, ‘Naaayon ’yun sa batas na ang isang tao’y magtungo at kumain ng gaano mang karaming mais na nais niya, pero huwag niyang isasako at iuuwi.’ Yan po ang sabi ng sarili n’yong batas, ng rabi.”

512 At napahinto siya roon nang kaunti, siya’y—siya’y—siya’y naniwala rito, dahil kanyang—kanyang pinatotohanan mismo. Sabi niya, mga ilang sandali pa, sabi niya, “Buweno, ano—ano ang nagbunsod sa mga mata ni Juan. . .” Sabi, “Papaano mo ito resolbahin?”

513 Sabi ko, “Sa Pangalan ni Jesus Cristo.”

514 “Uh.” Hindi siya—hindi siya makapagpasya; sabi, “Buweno, hindi mo maaaring hati-hatiin ang Diyos sa tatlong piraso.”

515 Sabi ko, “Siya ang Jehovah na nahayag sa laman, Rabi. Siya. . . Ganoon nga Siya, Siya’y si Jehovah na nasa laman. Ang Kanyang Sariling pantaong pangalan, ’yun ang Pangalan na nagtutubos, dahil walang ibang pangalan na ibinigay sa ilalim ng Langit na ang tao’y maliligtas, sa pamamagitan lang ng pantaong nagtutubos na Pangalan na ’yun: ang Panginoong Jesus Cristo. Tama. Siya ay Diyos, Siya ay Diyos, Siya’y magpakailanmang Diyos, ganoon mismo, ang Panginoong Jesus Cristo.”

516 Ngayon, naniniwala po ako na ang iglesyang Gentil ay malapit nang . . . ang pagbubuo sa katawan ng iglesyang Gentil. Ang mga pintuan sa pagitan. . . sabi ni Jesus, sa Mateo 24, (sige’t babanggitin ko lang ang isang Kasulatan na ’yan pansumandali), sabi Niya, “Yuyurakan nila ang mga pader ng Jerusalem hanggang sa ang dispensasyon ng mga Gentil ay matapos na.”

517 Ngayon masdan. Ipinahayag ’yan ng Panginoong Jesus, sa Mateo 24, na ang mga Judio’y aalisin sa eksena. Ang sabi ni Daniel, doon noon sa mga sinaunang propeta, sinabi niya na may pitumpung sanlinggo ang inilaan, sa mga Judio. At ang Mesiyas ay darating (ang Prinsipe) at magpropesiya sa gitna ng pitumpung sanlinggo na ito, na pitong taon, kung kailan puputulin Siya sa kalagitnaan. Tingnan n’yo kung gaanong eksaktong-eksakto ’yun, si Jesus ay eksaktong nangaral nang tatlo at kalahating taon at pagkatapos ipinako sa krus. Pero may tatlo. . . Lumabas nga ’yan sa isa pang tanong dito. May tatlo’t kalahating taon pa ang nakalaan sa kanila, sa mga Judio. Marapat lang.

518 Ngayon kung kukunin n’yo ang Apocalipsis, sa ika-7 kabanata, nakita ni Juan ang sandaan at apatnapu’t apat na libong mga Judio na lahat sila’y tinatakan, na labing-dalawang

lipi ni Israel. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Pero bago 'yan darating, mangyayari ang pagparito.

<sup>519</sup> Ngayon tingnan n'yo po kung gaanong kaganda nito, bago tayo magtapos ngayon. Masdan n'yo kung papaano—kung papaano ito kumikilos. Ngayon, ang mga Judio na 'yun ay diniliman.

<sup>520</sup> Ngayon, itong mga Judio rito, halos lahat sa kanila rito, ay sadyang. . . alam n'yo naman ang estado nila, hawak nila ang kayamanan ng mundo. At sila po'y hayan nga't—hayan nga't mga taong mapera, at 'yun nga lang ang maiisip n'yo sa kanila, kita n'yo; at mga saksakan ng hambog, at malamig ang loob, at hindi nakikinig. Mangyari nga, na hindi 'yang mga 'yan ang pinapatungkulan Niya rito, kung mapapansin n'yo.

<sup>521</sup> Ngayon, ang mga Gentil. . . Ngayon masdan, may natitira pang tatlo at kalahating taon para sa mga Judio. Ngayon, sinabi ni Jesus na ang bayan ng Jerusalem ay yuyurakan ng mga Gentil hanggang sa ang dispensasyon ng Gentil. . . (Ngayon, kayo na mga hindi naniniwala sa mga dispensasyon, papaano ito ngayon?). . . Hanggang sa ang dispensasyon ng Gentil ay matapos. At kapag natapos na ang dispensasyon ng Gentil (tapos na ang panahon ng mga Gentil), mangyari nga na ang bayan na 'yun ay ibabalik sa mga Judio. At nagpatuloy pa si Jesus na sinabi ukol sa henerasyon na 'yun. . . Sabi, “Kapag lumabas kayo at nakita n'yo ang puno ng igos na nagpapasibol na ng supling nito, at ang iba pang mga punongkahoy ay nagsusupling,” sabi, “alam n'yo na ang tag-init ay papalapit na.” Sabi, “Gayon din na kapag nakikita n'yo na ang mga bagay na ito ay nangyayari na, pagkaalaman n'yo na ang panahon ay malapit na, napipinto na; at katotohanang sinasabi Ko sa inyo na ang heherasyon na ito'y hindi lilipas na ang mga bagay na ito'y matutupad.”

<sup>522</sup> Ngayon, inabangan nila 'yun daw sa henerasyon na 'yun, “Yun ang tinutukoy Niya.” Hindi po!

<sup>523</sup> Pakinggan n'yo! Sabi Niya, “Ang henerasyon na nakakita sa punongkahoy ng igos na nagpapasibol ng supling nito.” Ngayon masdan, ang sabi Niya, “Ang punongkahoy ng igos, at ang lahat ng iba pang mga puno.” Ngayon, sa madaling sabi, “Magkakaroon ng pang-unibersal na rebaybal sa panahon na 'yan.” Ngayon masdan n'yo ang propesiyang ito, kung papaano ito iiral at lumalakip nang ganap na ganap. Ngayon masdan. “Lahat ng iba pang mga punongkahoy ay magsusupling, mananariwa muli.” Ang isang puno, kapag nagpapasibol na ng supling nito, ito nga'y nananariwa. Tama po ba? Ngayon, alam ng lahat, ng tagapagturo ng propesiya, na ang punongkahoy ng igos ay tumutukoy sa tuwina sa Judio. Alam natin 'yan. Ang Judio ito. Ngayon ang. . .

<sup>524</sup> At tingnan n'yo si Joel, noong kunin niya 'yun, sabi niya, “Ang iniwan ng tipaklong, kinain ng kuliglig; ang iniwan ng

kuliglig, kinain ng balang; ang kinain ng balang...” Kung mapapansin n’yo, ’yun din ang siya ring insekto na ’yun, iba-ibang yugto lang; ang tipaklong, ang kuliglig, ang balang. Yun po’y ang siya ring insekto, nasa iba-ibang yugto lang ng buhay nito. Ngayon masdan n’yo, ang siya ring insekto na ’yun ay sinimulang kainin noon itong punongkahoy ng Judio, tinabas-tabasan ’yun, at sinimulang kainin at kainin at kainin at kainin ito hanggang sa tuod na lang ang natira; pero pagkatapos nga’y ang sabi niya, “Ipanunumbalik Ko,’ sabi ng Panginoon, ‘ang lahat ng mga taon na kinain ng kuliglig. At ibubunsod Ko ang Aking bayan na magalak.” Kita n’yo? Ngayon, ’yung puno nga’y kinain. Ang mga Gentil nga’y ihinugpong dun, siyanga. Kaya hayan nga, kinakailangan nating magbunga.

<sup>525</sup> Ngayon sa pagdating ng huling panahon, sa panahon na humahantong na tayo sa wakas (kung tama ang pagkakakita ko rito), ang Ebanghelyo nga: mayroon at mayroong dakilang rebaybal na magaganap.

<sup>526</sup> Ngayon, alam n’yo ba na ang bandilang Judio ang pinaka matandang watawat sa buong mundo? At ’yun nga’y nakalatag lang nang hindi ginagamit nang dalawang libong taon, higit pa nga, mga dalawampu’t limang daang taon. Yung bandilang Judio, ’yung bituwin ni David na may anim na tulis, ’yun nga’y hindi naiwagayway nang dalawampu’t limang daang taon; mula noong dalhin sila sa—sa Babilonia. At ngayon, dahil sinakop ng Imperyong Roma (at dumating nga ang Mesiyas at tinanggihan nila Ito), at nangalat sila sa apat na hangin ng mundo. Pero alam n’yo ba, noong ika-anim ng Mayo, 1946, iwinagayway ang watawat na ’yun sa ibabaw ng Jerusalem uli? Alam n’yo ba, noong ika-pito ng Mayo, 1946, ang Anghel ng Panginoon ay nagpakita sa akin (noong sumunod na araw) dito, at pinadala ako sa buong mundo para magbunsod ng isang rebaybal? Noong sumunod na umaga mismo! Noong ang watawat na ’yun ay itinaas sa Jerusalem, noong palubog ang araw nung hapon na ’yun, nagpakita ang Anghel ng Panginoon dito sa Estados Unidos kasabay nun. “Kapag nakikita na ninyo ang punongkahoy ng igos at ang iba pang mga punongkahoy na nag-uusbong!”

<sup>527</sup> Ilan po ang nakakaalala dun sa Bituwin na ’yun na pumailanlang sa ibabaw rito ng Ohio River, maraming taon na ang nakaraan, noong sabihin Niya...Heto nga ang litrato Nun dito, noong Siya’y bumaba. Sabi, “Ang iyong mensahe’y mahahayag bilang isang tagapanguna para sa ikalawang Pagparito, gaya ng kung papaanong si Juan ay isang tagapanguna noong unang Pagparito.” At, tingnan n’yo, sa buong mundo may rebaybal na lumaganap. Sampung makalibong makalibo at makalibo, at isang dakilang rebaybal.

<sup>528</sup> Lahat ng mga legalista’t, lahat ng iba’t iba pa sa buong bansa, at mga malalaking simbahan sinasabi nila, “Tapos na

ang Billy Sunday na araw.” Pero noong makita nila ang iglesia na nagsisimulang mabuhayan muli (ang mga ordinaryong tao), gumawa sila ng paraan para di mapahiya. Si Charles Fuller sana ang mangunguna, pero matanda na siya masyado; kaya si Billy Graham ang pinili nila. At kaya pinili ng Diyos si Billy Graham, o, pinili ng iglesyang Baptist, at lahat sila’y itinataguyod siya. At si Billy Graham nga’y di kakalahati sa pagiging mangangaral ni Kapatid na Neville, kung pag-uusapan lang ang pagiging mangangaral, hindi nga...hindi, hindi nga. Pero ano ’yun? Kinailangan nilang gawin ’yun, isa ’yung organismo, at ang lahat ng nakapaligid dun, na nagsasama-sama sa palibot nun. Si Billy na mismo ang nagsabi nun. Kita n’yo, kinailangan daw nilang gawin ’yun. At dapat lamang din na gawin nila para matupad ang Salita ng Diyos. Wala nga sa kanila ang Espiritu para makapagpahayag, kaya kinuha nila ang Salita at para makapagpahayag; kaya ’yun ang ginawa nila. At si Billy ay isang mangangaral ng Salita, at may kainaman, at sila’y sumuporta; kaya ’yun ang nagbunsod na sumali ang lahat ng malamig na pormalidad sa kanilang itinataguyod. At ang sobrenatural na Persona, na taglay ang Makalangit na pagpapagaling, at mga kapangyarihan at ganoong mga gawa’t iba pa, sa pamamagitan ng himala ng Diyos, inilagay itong...ang Iglesia, ang inagaw na Nobya na may taglay na Langis sa Kanyang ilawan, inilagay rin Siya sa isang rebaybal. Kita n’yo? At ang malamig na pormal na iglesya’y may sariling rebaybal din. At heto rin ang Israel na bumabaling sa kanilang sarili ring rebaybal.

<sup>529</sup> May film ako roon sa bahay ko ngayon, *Tatlong Minuto Bago Maghatinggabi*. At may mga eksena ako roon tungkol sa paglabas ng mga Judio. Pumapasok; nakita n’yo na ’yun sa *Look* magasin. At ’yung mga barko’y, punung-puno, na galing sa malalayong lugar ng Iran at doon; hindi alam ng mga Judio na ’yun na si Jesus ay naparito sa lupa noon, sila nga’y napadako sa lugar na ’yun na ang kinagisnan ay Babilonia. Yun lang ang nalalaman nila. Nag-aararo sila...nakita n’yo ’yun sa *Look* magasin o sa *Life* at sa mga ’yun kung saan nag-aararo sila gamit ang makalumang mga kahoy na pang-araro. At nung makita nila ang mga eroplano na ’yun na parating, sa isip-isip nila, “Heto na,” dahil sinabi ’yun sa kanila ng Diyos “sila’y madadako sa lugar na ’yun, at dadalhin pabalik sa Jerusalem sa mga pakpak ng mga agila.” Ganoon nga. Ganoon nga. At ang sabi ng Judio, “Heto na nga ’yun.” Humakbang sila roon, at may mga kuha tayo na nakuha ang boses nila, at kinapanayam sila; na galing sa iba’t ibang bahagi ng mundo. Ang iba pa nga sa kanila’y dala-dala ang kanilang matatanda sa likod nila, at ang mga bulag at mga pilay. At hayan nga sila na pababa sa mga barko na nanggaling pa sa lahat ng dako ng mundo, papunta roon.

<sup>530</sup> At unti-unti nilang pinapalis ang mga bato’t sako-sako, mula sa lupa; at ngayon may mga bukal na sila ng tubig, na siyang



pinaka matindi't, pinaka kamangha-manghang masasakang lupain sa buong mundo. Ang Dead Sea nga'y naglalaman ng higit na yaman kaysa sa lahat ng dako sa mundo pagsama-samahin man. Ang mga Judio nga'y bumabalik na; 'yun nga'y tago sa mga Gentil, pero sila'y namumukadkad na parang rosas.

<sup>531</sup> Ang sabi nila sa kanila—sa kanila na mga Judio, sabi nila, “Kayo po ba'y bumabalik sa inyong lupain para mamatay.”

<sup>532</sup> Sabi, “Kami'y bumabalik para makita ang Mesiya. Nasaan na Siya? Siya'y dapat na naririto.”

<sup>533</sup> Kapatid, kapag nakita n'yo na ang punongkahoy ng igos ay nagsisibol na ng supling, sabi Niya, “Ang henerasyon na ito ay di lilipas hanggang sa ang lahat ay matupad.” Tingan n'yo po 'yung rebaybal sa mga pormal. Tingnan n'yo po ang rebaybal sa Iglesya. Tingnan n'yo po ang rebaybal na parating sa kalagitnaan ng mga Judio, sila'y nakaantabay sa pagdating ng Mesiya. Ang Iglesya, ang puspos-ng-Espiritu na Iglesya, ang Nobya dala ang . . . ang mga birhen na dala ang langis sa kanilang mga ilawan ay tutungo roon sa Hapunan ng Kasalan.

<sup>534</sup> Sasabihin ng mga Judio, “Ito na 'yan. Hayan ang aming Diyos na matagal na naming hinihintay.” Hayan nga riyan ang sandaan at apatnapu't apat na libo . . . na pinagkalituhan ng mga Russellite. Hayan ang mga Judio na 'yan na naroon na para tatanggap sa Kanya. Sabi nila, “Hayan ang aming Diyos na hinihintay namin nang matagal.” Makikita nila Siya, sasabihin, “Saan Mo nakuha ang mga ito? Saan Mo nakuha ang pilat sa Iyong kamay?”

<sup>535</sup> Sasabihin Niya, “Nakuha Ko ang mga ito sa bahay ng Aking mga kaibigan.” Ganoon nga, “Sa bahay ng Aking mga kaibigan.”

<sup>536</sup> Anong gagawin Niya? Ang Iglesyang Gentil ay kukunin patungo sa Kaluwalhatian at ang Nobya ay ikakasal kay Cristo.

<sup>537</sup> Papaano ipinakilala ni Joseph ang kanyang sarili sa kanyang mga tao? Pinaalis niya muna ang bawat Gentil sa harapan niya. Ganoon nga ang ginawa niya. Ano ngayon ang mangyayari sa mga nalabi na binhi ng babae? Ang dragon ay nagbuga ng tubig mula sa bibig nito para makidigma; sabi ni Jesus, “sila'y iwawaksi tungo sa kabiliman sa labas, at magkakaroon ng pagtatangis at pananaghoy at pagngangalit ng ngipin,” 'yun ang kalunus-lunos na oras ng pag-uusig at mga pagsubok na darating sa iglesyang Gentil.

<sup>538</sup> Ano ngayon ang mangyayari pagkatapos? Kapag mangyari na ang pagmamartir, kapag inihawalay na ng Diyos ang lahat na dapat ihiwalay mula sa mga Judio na naroon, si Jesus ay babalik gaya ng pagbabalik ni Joseph. Noong mapakinggan nila si Joseph, noong palabasin niya ang lahat ng mga bantay niya't lahat, at nakita niya si munting Benjamin at sila na nakatayo roon, at sila nga'y nagsisisi sa pagpatay kay Joseph. Inakala

nila noon na napatay nila si Joseph, at heto siya na nakatayo sa harapan nila. Sabi niya, “Ako si Joseph. Ako ang inyong kapatid.”

539 Tapos nangilabot sila nang husto, “Siya pala si Joseph. Ngayon nakikilala na namin siya.”

540 Kapag sasabihin na Niya, “Ako si Jesus. Ako ang Mesiyas.”

541 Sasabihin nila, “Oh, naku, ngayon ano nang sasapitin namin!”

542 Ang lahat ng 'yun ay ipinangyari para sa kaluwalhatian ng Diyos. Hindi nga Siya. . . Buweno, maririnig nga nila siya na umiiyak nang husto doon sa palasyo ni Faraon, si Joseph na umiiyak para sa kanila.

543 Hintayin n'yo lang hanggang sa kaharapin na ni Jesus ang mga Judio na kinailangan Niya noong bulagin para tayong mga Gentil ay magkaroon ng pagkakataon na makapasok, 'yun nga'y magiging kamangha-manghang oras, sinasabi ko sa inyo. Titipunin Niya ang mga Judio na 'yun, huwag n'yong alalahanin, ang mga Judio na 'yun ay maliligtas. Siyanga, po, mayroon at mayroon nga. At 'yan po ang kaisipan ko rito, hindi ko nga ito sinilip sa kung saan pa kundi sa Kasulatan mismo. Dapat mapaglakip-lakip n'yo ang tatlong ito, uli.

544 Kinakailangan n'yong tukuyin riyang ang—ang natutulog na birhen, ang—ang iglesyang nominal, ang mga nagpapahayag, kita n'yo. Kinakailangan n'yong tukuyin ang iglesya. . . Hayan nga, ang Judio una, ang Judio una, na haya't binulag na nag-aantay diyan sa gilid. Tapos hahantong kayo dun sa kasunod na hakbang, doon sa natutulog na birhen, na mga nagpapahapay, na pumupunta at nagsisimba rin, at nakikianib sa simbahan, at mainam na disenteng tao. Tapos kailangan n'yo ring tukuyin ang Iglesyang, espirituwal, ang Aagawin, ang Nobya, hayun nga siya na doon nakatayo. Ang tatlong tao na 'yan, hindi n'yo puwedeng. . . di puwede silang paghalu-haluin, maski kaunti. Hindi sila pare-pareho. Hindi ito 'yung sinasabi ng Jehovah Witness, “itong sandaan at apatnapu't apat na libo ay ang Nobya”; mali po 'yun. Ang mga Judio po 'yun, kita n'yo. May Nobya po, may mga Judio, at may natutulog na birhen. At tutukuyin silang lahat, sasabihin, “Buweno, itong tatlong ito ay nasa iba't ibang dako.” Sila po'y, tatlong iba't ibang uri ng tao. Tunay, hindi sila maaaring mapag-isa.

545 Tapos sa pagbalik dito ni Jesus sa lupa. . . Ang mga Judio, ano sila? Mga bating ng templo. At sa pagbabalik ni Jesus, darating Siya *kasama* ang Nobya. Si Jesus ay dumarating nang tatlong beses: dumating Siya sa unang pagkakataon para *tubusin* ang Kanyang Iglesya, darating Siya sa ikalawang pagkakataon para *tanggapin* ang Kanyang Iglesya, darating Siya sa ikatlong pagkakataon *kasama* ang Kanyang Iglesya. Kita n'yo? Ganon mismo. Kaya ang lahat ng ito'y isang dakilang ganap na

pagparito, ito'y isa mismong dakilang ganap na Diyos; ito'y isang dakilang ganap na Cristo; isang dakila't ganap na Iglesya, isang dakila't ganap na pagtutubos, . . . lakip-lakip; tatluhan, pero ang lahat ng ito'y lakip-lakip sa Isa. Kita n'yo? Hindi ito tatlong tao, hindi tatlong *ganito*; isang Persona lang ito, isang Iglesya, isang Katawan, isang Cristo, isang Panginoon “sumasa lahat, at nasa lahat,” at parang ganoon po. Lakip-lakip sa isa!

<sup>546</sup> Pagpalain kayo ng Panginoon. Masyado ko na kayong napatagal.

<sup>547</sup> Loobin ng Panginoon, ngayon, kung ako po'y makakabalik uli sa ilang mga gabi, o isang Linggo ng gabi o para pong ganun, kung ang pastor po rito ay wala namang sasabihin mula sa puso niya, sisikapin ko na sagutin ang mga ito rito. Oh, may ilan pa rito na magaganda. Ilan po ang nagnanais na marinig ang mga ito? Oh, gustung-gusto ko nga ang mga ito. Hayaan n'yong basahin ko uli ang mga ito, nang madalian, bago natin ibalik ang gawain sa pastor.

<sup>548</sup> Sige't pakinggan n'yo lang ito:

**Saan ang mga bato inirerep- . . . ? Ano po ang inirerepresenta ng mga bato sa Apocalipsis, 21? Ang ganda po nito.**

**Pakipaliwanag po ang apat na nilalang sa Apocalipsis 5.** Maganda rin po ang isang ito.

**Sino ang dalawampu't apat na matatanda? Yan po'y mainam din, kita n'yo.**

**Ano po ang ibig sabihin ng pulang sinulid sa Genesis 38?** Naalala n'yo ba, nagpunta siya't kinuha ang sarili niyang manugang na babae at pumisan sa kanya bilang isang patotot; at tinupad ang obligasyon at inilabas 'yun; at pagkatapos nung naisilang na ang bata, naglagay sila ng pulang sinulid paikot sa kamay nung sanggol (inilabas kasi nung sanggol ang kamay niya at inurong niya ito uli), kaya 'yung—'yung isang kambal ay sunod na lumabas. Oh, napaka ganda po nito; tunay nga.

**Ano po ba ang mga kaloob na iyon na ipadadala ukol sa kamatayan ng dalawang saksi, sa Apocalipsis 11?** Yan po'y noong sina Moises at Elias ay bumalik para sa rebaybal para sa sandaan at apatnapu't apat na libo. **Ano ang mga kaloob na iyon?** Antabayan n'yo kung ano ang mga ito, napaka ganda po nito.

**Saan paroroon ang mga banal matapos ang isang-libong-taon . . . (ang ganda rin nito, siyanga. Na . . . ) . . . paghahari? Anong klaseng katawan ang magkakaroon sila sa panahon na 'yan?**

**Papaano natin hahatulan ang mga anghel?**

**Bakit po 'yung buhok ang inuukol sa mga anghel sa Unang Mga Taga-Corinto? Sa Aklat ng Unang Mga Taga-Corinto.**

Ilan po 'yan sa mainam, tunay na magagandang tanong.

<sup>549</sup> Pagpalain kayo ng Panginoon. Umaasa ako na pahintulutan ng Panginoon na makapagsama-sama tayo at matalakay ang mga bagay na ito, ang lahat ng ito'y para sa Kanyang kaluwalhatian. Marahil di tayo magkasundo sa mga ideya ukol rito; pero sasabihin ko lang po ang isang bagay, kung kayo po'y may ganoong kalaking kagalakan sa pakikinig sa mga ito gaya ng kagalakan ko sa pangungusap ng mga ito, tayo po'y magtatamasa ng maluwalhating panahon. Amen. Amen.

<sup>550</sup> Buweno, ang Panginoon nga'y magbiyaya sa inyo ngayon. Huwag n'yo pong kalimutan ang mga gawain. Ang pagsasahimpapawid ni Kapatid na Neville, ngayon, 'yan po'y sa WLRP, Sabado ng umaga ng alas nuwebe; ang Neville kuwartet, at sigurado ako na mainam ang maidudulot nito sa inyo, tumutok po kayo at pakinggan sila. At kung magagawa ko, kung makakabalik ako sa oras, o titingnan ko kung makakabalik ako, tatawagan ko ang maybahay ko; kung ipahintulot ng Panginoon na makipagkita ako kay matandang Kapatid na Bosworth. Ako. . . Lahat kayo. . . at ako po'y babalik nang Linggo ng gabi.

<sup>551</sup> Ang Diyos nga'y magbiyaya sa inyo ngayon. At kapatid, pastor, halina po kayo pansumandali; at ibibigay na natin sa kanya ang gawain. At:

Don't forget the family prayer,  
Jesus wants to meet you there;  
He will take your every care,  
Oh, don't forget the family prayer.

<sup>552</sup> Gusto n'yo po ba 'yun? Ilan po ang nananalangin sa kanilang tahanan? Sige po't patingin nga, lahat ng. . .lahat. . .Mainam, kayo po'y manatiling malapit sa Diyos. Magpakabait kayo, mga maliliit na bata, pagpalain kayo ng Diyos.

Sige na po, Kapatid na Neville.



*MGA TANONG AT MGA SAGOT MGA HEBREO BAHAGI II* TAG57-1002

(Questions and Answers on Hebrews Part II)

PAG-UUGALI, PAGSASAAYOS, AT DOKTRINA NG IGLESYA

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Miyerkules ng gabi, Oktubre 2, 1957, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)